Tagalog

Title 8
**Department of Education**

Subtitle 2
**Education**

Part 1
**Public Schools**

# Chapter 19

Student Misconduct, Discipline, School Searches and Seizures, Reporting Offenses, Police Interviews and Arrests, Restitution for Vandalism, Complaint Procedure and Investigation of Discrimination, Harassment (Including Sexual Harassment), Bullying and/or Retaliation

Office of Student Support Services/Student Support Branch
Department of Education • State of Hawaii • RS 20-0715 (Rev. of RS 18-1280) • December 2019

MGA ADMINISTRATIBONG PATAKARAN NG HAWAII

TITULO 8

KAGAWARAN NG EDUKASYON

SUBTITULO 2

EDUKASYON

BAHAGI 1

MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

KABANATA 19

MALING PAG-UUGALI SA PAARALAN, DISIPLINA, MGA PAGHAHANAP AT PAGKUMPISKA SA PAARALAN, PAG-UULAT NG MGA PAGKAKASALA, MGA INTEROGASYON AT PAG-ARESTO NG PULIS, RESTITUSYON PARA SA BANDALISMO, AT PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO AT IMBESTIGASYON NG DISKRIMINASYON, PANGHAHARAS (KABILANG ANG SEKSWAL NA PANGHAHARAS), PAMBU-BULLY AT/O PAGHIHIGANTI

Sub-kabanata 1 Mga Pangkalahatang Probisyon

§8-19-1 Pilosopiya
§8-19-2 Mga Kahulugan
§8-19-3 Paggamit
§8-19-4 Paghihiwalay
§8-19-4.1 Karapatan sa pagkapribado ng estudyante

Sub-kabanata 2 Maling Pag-uugali at Disiplina sa Estudyante sa Panahon ng Taon ng Pag-aaral

§8-19-5 Mga aksyon ng pagdidisiplina; awtoridad
§8-19-6 Ipinagbabawal na pag-uugali ng estudyante; mga pagkakasala sa klase
§8-19-7 Pag-alis sa panahon ng krisis
§8-19-7.1 Imbestigasyon
§8-19-8 Pagsuspindi
§8-19-9 Nararapat na proseso para sa mga pagsuspinding lumalampas ng sampung araw, paglipat na pagdidisiplina, at pagpapatalsik
§8-19-10 Tagal ng mga aksyon ng pagdidisiplina
§8-19-11 Mga panghaliling aktibidad na pang-edukasyon at iba pang tulong kapag natagpuang lumalabag ang mga estudyante sa kabanatang ito

Sub-kabanata 3 Maling Pag-uugali ng Estudyante at Disiplina sa Summer School (programa ng pag-aaral sa Panahon ng Tag-init)

§8-19-12 Mga aksyon ng pagdidisiplina; awtoridad
§8-19-13 Ipinagbabawal na pag-uugali ng estudyante; mga pagkakasala sa klase

Sub-kabanata 4 Mga Paghahanap at Pagkumpiska sa Paaralan

§8-19-14 Patakaran sa pagbubukas at inspeksyon sa mga locker ng estudyante
§8-19-15 Patakaran sa pangkalahatang paghahanap at pagkumpiska sa paaralan
§8-19-16 Awtoridad
§8-19-17 Mga kondisyon kung saan maaaring ipatupad ang mga pangkalahatang paghahanap at pagkumpiska sa paaralan
§8-19-18 Mga ipinagbabawal na paghahanap at pagkumpiska

Sub-kabanata 5 Pag-uulat ng mga Pagkakasala

§8-19-19 Pag-uulat ng mga pagkakasalang class A at class B na nangyayari sa paaralan
§8-19-20 Walang pananagutan sa pag-uulat ng mga pagkakasala
§8-19-21 Hindi pag-uulat ng mga pagkakasalang class A at class B na nangyayari sa paaralan; mga kahihinatnan

Sub-kabanata 6 Mga interogasyon ng pulis at pag-aresto

§8-19-22 Mga interogasyon ng pulis sa paaralan para sa mga pagkakasalang nauugnay sa paaralan
§8-19-23 Mga interogasyon ng pulis sa paaralan para sa mga pagkakasalang hindi nauugnay sa paaralan
§8-19-24 Mga pag-aresto ng pulis sa paaralan

Sub-kabanata 7 Restitusyon para sa Bandalismo

§8-19-25 Pananagutan para sa bandalismo
§8-19-26 Mga pamamaraang naaangkop sa bandalismo
§8-19-27 Ipinawalang-bisa
§8-19-28 Ipinawalang-bisa
§8-19-29 Ipinawalang-bisa

Sub-kabanata 8 Pamamaraan sa Pagrereklamo at Imbestigasyon sa Diskriminasyon, Panghaharas (Kabilang ang Sekswal na Panghaharas), Pambu-bully at/o Paghihiganti

§8-19-30 Pamamaraan sa pagrereklamo
§8-19-31 Imbestigasyon
§8-19-32 Patuloy na imbestigasyon
§8-19-33 Tulong sa wika, tulong sa pagsulat, o makatwirang akomodasyon
§8-19-34 Ipinagbabawal ang paghihiganti
§8-19-35 Karapatang humingi ng tulong

Tala ng Kasaysayan: Ang kabanatang ito ay lubos na nakabatay sa “Patakaran 21, Nauugnay sa Disiplina ng Estudyante” [Eff 3/28/64; am 11/29/73; am 5/01/76; R 9/1/82); “Patakaran 3, Nauugnay sa mga Interogasyon ng Pulis at Pag-aresto sa mga Estudyante sa mga Oras ng Klase” [Eff 9/23/63; am 6/20/77; R 9/1/82]; “Patakaran 24, Nauugnay sa mga Estudyanteng Naninigarilyo sa mga Bakuran ng Paaralan” [Eff 3/28/64; R 9/1/82] ng Kagawaran ng Edukasyon.

## SUB-KABANATA 1

## MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

**§8-19-1 Pilosopiya.** (a) Ang Hawaii ay nagtakda at sinusuportahan ang pambuong-estadong sistema ng pampublikong edukasyon. Ang likas na pag-aatas ng pagpasok sa paaralan ay nagtitiyak na magkakaroon ang isang estudyante ng oportunidad para sa edukasyon. Bukod sa edukasyong ipinagkakaloob sa panahon ng regular na taon ng pag-aaral, naghahandog ang kagawaran sa mga estudyante ng oportunidad na tumanggap ng karagdagang pagtuturo at mga serbisyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng sariling-suportang summer school program (programa ng paaralan sa panahon ng tag-init) kung saan boluntaryo ang pagpasok. Ang kagawaran ang nakatuon sa:
(1) Pagkakaloob sa estudyante ng pinakamabubuting kondisyon sa pag-aaral;
(2) Pagpili ng mga naaangkop na guro para sa pagtuturo sa estudyante; at
(3) Iba pang mga programang tutulong sa estudyanteng magtagumpay.



3352

Noong 1996, sinimulan ng kagawaran ang kolaboratibo at sistemikong repormang kilala bilang Comprehensive Student Support System (CSSS, Komprehensibong Sistema ng Suporta sa Estudyante) na nagkakaloob ng nagpapatuloy na suporta at serbisyo sa pag-aaral, sa pakikisalamuha, emosyonal, at sa pisikal na kapaligiran sa lahat ng estudyante upang mapadali ang kanilang pag-aaral at kanilang pagtugon sa matataas na pamantayang pang-edukasyon. Ito ay isang komunidad ng mga ugnayang mapag-alaga at sumusuporta ng CSSS sa mga nagtutulungang estudyante, guro, pamilya, at ahensya na nagtataguyod ng mga serbisyong nasa oras at naaangkop para sa lahat ng estudyante. Layunin ng sistema ng paaralan na magkaloob ng isang karanasan sa pag-aaral sa mga ligtas, mapag-alaga, mapag-aruga, at maayos na pagtuturo at pag-aaral.

(b) Responsibilidad ng bawat estudyante ang magpakita ng mga magalang, responsable, hindi nagdidiskrimina, ligtas, at etikal na pag-uugali sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad na inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Sinusuportahan ito ng kagawaran sa pamamagitan ng pagtatatag ng proaktibong pansistemang pamamaraan sa pagdidisiplina sa buong paaralan.

(c) Ngunit, kapag ang pag-uugali ng estudyante ay lumalabag sa mga patakaran, tuntunin, o regulasyon ng kagawaran, batas ng estado o lokal na batas, ang kagawaran ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyon ng pagdidisiplina alinsunod sa kabanatang ito. Ang layunin ng disiplinang pinangangasiwaan ng paaralan ay:

(1) Itaguyod at magpanatili ng ligtas at may seguridad na kapaligirang pang-edukasyon;
(2) Magturo at kilalanin ang tamang pag-uugali na kapaki-pakinabang sa prosesong pang-edukasyon at pag-unlad ng sarili;
(3) Pigilan ang mga estudyanteng kumilos sa paraang humahadlang sa layunin ng edukasyon o nakakasira sa sarili, nakakasama sa sarili o laban sa lipunan;
(4) Panatilihin ang tamang pag-uugali ng estudyante upang matiyak na ang mga aktibidad na pang-edukasyon at responsibilidad ay nananatiling hindi nagagambala; at
(5) Itigil ang anumang diskriminasyon (kabilang ang labag sa batas na diskriminasyon), panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), o pambu-bully laban sa estudyante batay sa pinoprotektahang uri.

(d) Ang isang manggagawa sa edukasyon na nagsasagawa o nakikibahagi sa programa, aktibidad, o punsyon ng paaralan na inisponsor o inaprubahan ng kagawaran, o kinuha upang makibahagi sa pagpapatupad ng isang punsyong pang-edukasyon, ay may makatwirang inaasahang maging malaya sa labis na pagkagambala at banta ng kaguluhan o kaharahasan, o pareho, na ginagawa laban sa kanila ng mga estudyante.

(e) Bukod sa aksyon ng pagdidisiplinang isinasagawa sa ilalim ng kabanatang ito, ang restitusyon para sa bandalismo o para sa kapabayaan ay gagawin alinsunod sa mga probisyon ng kabanatang ito. Ang layunin ng restitisyon ay upang huwag hikayatin ang mga gawaing bandalismo at kapabayaan at upang matiyak ang pagbawi sa gastos sa pampublikong ari-ariang nasira ng mga gawaing bandalismo at kapabayaan.

(f) Sa ilang pagkakataon, kailangan ng mga opisyal ng pulisya na kapanayamin o arestuhin ang mga estudyante. Ang kabanatang ito ay nilalayon din upang protektahan ang mga karapatan at interes ng mga pumapasok na estudyante, upang makipagtulungan sa mga opisyal ng pulisya sa pagganap ng kanilang mga tungkulin, upang mapreserba ang kapaligiran sa paaralan, at upang matukoy ang mga responsibilidad ng mga tauhan ng paaralan. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)



3352

**§8-19-2 Mga Kahulugan.** Ayon sa paggamit sa kabanatang ito:

Ang “mapag-abusong lenggwahe” ay nangangahuligang mga pasalitang mensaheng gumagamit ng mga salita sa hindi naaangkop na paraan at maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa pagmumura, pagbabansag, o paglalapastangan.

Ang “pag-atake” ay nangangahulugang sinadya, alam, padalus-dalos, o pabayang pagdudulot ng malubhang pinsala sa katawan o pinsala sa katawan ng ibang taong mayroon o walang mapanganib na instrumento.

Ang “pambu-bully” ay nangangahulugang anumang nakasulat, pasalita, nakikita, o pisikal na aktong nakakasakit, nakasasama, nanghihiya o nananakot sa isang estudyante, kabilang ang mga nasa kalagayan ng protektadong uri, na may sapat na kalubhaan, paulit-ulit, o laganap na lumilikha ito ng nakakapanakot, nagbabanta, mapang-abusong kapaligirang pang-edukasyon.

Ang “panloloob” ay nangangahulugang pagpasok o pananatili nang walang pahintulot ng paaralan sa isang gusali na pag-aari o pinatatakbo ng kagawaran na may layong gumawa ng pagkakasala laban sa isang tao, o laban sa ari-arian ng paaralan o iba pang ari-ariang matatagpuan sa paaralan.

Ang “Child Welfare Services” ay nangangahulugang Child Welfare Services (mga Serbisyo para sa Kapakanan ng mga Bata) ng Department of Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao) ng Estado ng Hawaii.

Ang “Civil Rights Compliance Branch” (Sangay sa Pagsunod sa mga Karapatang Sibil) ay nangangahulugang entidad sa loob ng kagawaran na responsable para sa pagsubaybay at/o pagsasagawa ng mga imbestigasyon sa mga reklamo sa diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal panghaharas), at/o pambu-bully na inilalarawan sa kabanatang ito.

Ang “pambubulakbol” ay nangangahulugang hindi pinahihintulutang pagliban ng estudyante sa klase.

Ang “complex area superintendent” ay nangangahulugang punong pang-administratibong opisyal ng isang lugar ng kompleks at mga kompleks ng paaralan sa loob nito.

Ang “kontrabando” ay nangangahulugang isang ari-arian na maliban sa labag sa batas na paglikha o pagkakaroon, na, ayon sa paglalarawan ng mga lokal na tuntunin ng paaralan, ay ipinagbabawal sa mga paaralan na sa nakaraan ay nauwi sa pinsala sa katawan o pagkagambala sa mga pagpapatakbo sa paaralan.

Ang “kontroladong substansya” ay nangangahulugang droga o substansyang ayon sa paglalarawan sa mga bahagi I hanggang V sa kabanata 329, Mga Binagong Batas ng Hawaii.

Ang “pagtatama at pakikipagpulong sa estudyante” ay nangangahulugang nakikipagpulong ng estudyante sa isang administrador, kanyang (mga) guro, at o magulang at tumatanggap ng mga tagubilin sa pagpapamalas ng naaangkop na pag-uugali.

Ang “pag-alis sa panahon ng krisis” ay nangangahulugang agarang pagbubukod ng estudyante mula sa paaralan sa isang emerhensya, dahil ang pag-uugali ng estudyante ay nagpapakita ng malinaw at agarang banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o iba, o ang estudyante ay labis na nakakagambala kaya’t kailangan ang agarang pag-alis sa estudyante upang mapanatili ang karapatan ng ibang mga estudyanteng ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral nang malaya sa labis na pagkagambala.

Ang “cyberbullying” ay nangangahulugang elektronikong pagpapadala ng mga gawain, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga ipinadala sa pamamagitan ng Internet, cell phone, o iba pang wireless na nahahawakang device na sinimulan ng isang

estudyante na nakatuon sa ibang estudyante o empleyado ng kagawaran na nakakasakit, nakakasama, nanghihiya, o nananakot sa estudyante o empleyado; at may sapat na kalubhaan, paulit-ulit, o laganap na lumilikha ito ng nakakapanakot, nagbabanta, mapang-abusong kapaligirang pang-edukasyon. Ang cyberbullying ay maaaring mangyari:

(1) Sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan;
(2) Sa pamamagitan ng sistema ng mga datos ng kagawaran na walang pinahihintuluyang komunikasyon ng kagawaran; o
(3) Sa pamamagitan ng network ng computer sa labas ng kampus, kung ang pag-uugali ay nakakaapekto sa kapaligirang pang-edukasyon.

Bukod dito, ang cyberbullying ay maaari ring nakabatay sa pinoprotektahang uri ng tao, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, edad, bansang pinagmulan, ninuno, kapansanan, pisikal na kaanyuan at mga katangian, at sosyo-ekonomikong katayuan.

Ang “mapanganib na instrumento”, o “substansya” ay nangangahulugang anumang sumasabog na aparato, instrumento, materyal, o kemikal, ito man ay gumagalaw o hindi gumagalaw, kung saan ang paraan ng paggamit nito o layon ng paggamit ay kilala bilang may kakayahang magdulot ng kamatayan o pinsala sa katawan. Ang mga halimbawa ng mga naturang bagay ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga patalim, aparatong pipe bomb, paputok, pepper spray, mace, aparato para sa martial arts gaya ng mga stick at throwing star; at mga hindi gumagalaw na bagay gaya ng mga tubo, stick, o baseball bat na inihahampas sa isang tao sa mapanakot na paraan na nakakapagdulot o nagbabanta ng pinsala sa katawan.

Ang “mapanganib na sandata” ay nangangahulugang isang instrumento na ang natatanging disenyo at layunin ay magdulot ng pinsala sa katawan o kamatayan. Ang mga halimbawa ng mga naturang instrumento ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa dirk, punyal, butterfly knife, switchblade knife, blackjack, slug shot, billy, mga metal knuckle, o iba pang mga sandatang nagdudulot ng pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang “kagawaran” ay nangangahulugang kagawaran ng edukasyon.

Ang “detensyon” ay nangangahulugang pagpapanatili sa isang estudyante sa kampus ng paaralan sa labas ng oras ng klase upang atasan ang estudyanteng gawin ang mga pang-edukasyon o iba pang mga aktibidad sa loob ng paaralan gaya ng maaaring iatas ng mga opisyal ng paaralan bilang isang uri ng aksyon ng pagdidisiplina para sa maling pag-uugali ng estudyante.

Ang “paglipat na pagdidisiplina” ay nangangahulugang pag-alis sa estudyante sa paaralang pinapasukan ng estudyante bilang resulta ng paglabag sa seksyon 8-19-6. Ang paglipat na pagdidisiplina ay hindi kinabibilangan ng mga kasong kinapapalooban ng pagbawi sa mga eksepsyon sa lugar sa ilalim ng kabanata 13 ng titulo 8 sa ilalim ng mga kalagayan kung saan ang layunin ng paggawad ng eksepsyon sa lugar ay hindi na balido.

Ang “diskriminasyon” ay nangangahulugang hindi pagsama sa pakikibahagi sa o pagkakait ng mga kapakinabangan ng pangangasiwa ng kagawaran sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon nito, o sa ibang paraan ay pagtrato sa estudyante sa ibang paraan batay sa protektadong uri.

Ang “pagpapatalsik” ay nangangahulugang pag-alis sa estudyante sa mga pampublikong paaralan ng Hawaii para sa natitirang panahon ng taon ng pag-aaral o para sa panahong hindi bababa sa isang taon dahil sa mga paglabag hinggil sa armas.

Ang “panggugulo” at nangangahulugang mga sumusunod na aksyon o aktibidad sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan:

(1) Pakikipag-away o pananakot, o sa marahas o agresibong pag-uugali gaya ng pagtaas ng boses o pagsigaw, o pareho;
(2) Paggawa ng hindi makatwirang ingay para gambalain ang mga normal na pagpapatakbo sa paaralan;
(3) Paggawa ng anumang nakasasamang magaspang na pananalita, pagmuwestra ng kamay, o pagpapakita, o pagsasalita ng mapang-abusong lenggwahe sa sinumang tao, na malamang na maghamon ng marahas na pagtugon;
(4) Paglikha ng mapanganib o pisikal na nakakasamang kondisyon sa pamamagitan ng anumang gawaing hindi isinasagawa sa ilalim ng anumang pinahihintulutang lisensya o permit;
(5) Pagpigil o paghadlang sa sinumang tao sa pampublikong paaralan para sa layunin ng paglimos o paghingi ng limos o iba pang mga uri ng tulong; o
(6) Hindi naaangkop na pisikal na ugnayan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa konsenswal na pakikipagtalik o konsenswal na paghipo sa mga bahagi ng katawan, o pareho.

Ang “parapernalya ng droga” ay nangangahulugang anumang uri ng kagamitan, mga produkto, o mga materyales, o kumbinasyon nito na ginagamit, o nilalayong gamitin, o idinisenyo para gamitin sa pagtatanim, pag-aani, paglikha, pag-iimbak, paglalagay, pagtatago, pagtuturok, pagkain, paglanghap, o sa ibang paraan ay pagpasok sa katawan ng tao ng isang kontroladong substansya na lumalabag sa kabanatang ito. Ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

(1) Mga kit, aparato, kagamitan, separation gin, timbangan, blender, mangkok, lalagyan, kutsara, kapsula, lobo, sobre, iba pang mga bagay na ginagamit, o nilalayong gamitin, o idinisenyo para gamitin sa paghahanda, pagpoproseso, paghahalo, pag-iimbak, o pagtatago ng mga kontroladong substansya;
(2) Mga hypodermic syringe, karayun, at iba pang bagay na ginagamit, o nilalayong gamitin, o idinisenyo para gamitin para sa pagturok ng mga kontroladong substansya sa katawan ng tao;
(3) Mga bagay na ginagamit, o nilalayong gamitin, o idinisenyo para gamitin sa pagkain, paglanghap, o sa ibang paraan ay pagpasok ng marijuana, cocaine, hashish, o hashish oil, o mga uri ng methamphetamine, o anabolic steroids sa katawan ng tao, gaya ng:
    (A) Metal, gawa sa kahoy, babasagin, acrylic, bato, plastik, o seramikong tubo, tubo para sa tubig, smoking at carburetion mask, roach clip; na nangangahulugang mga bagay na ginagamit bilang pantangan sa mga nasusunog na materyales gaya ng sigarilyong marijuana, na naging napakaliit o napakaikli para mahawakan ng kamay;
    (B) Maliliit na kutsarita para sa cocaine, at mga cocaine vial, bong, ice pipe, o chiller; at
    (C) Anuman o lahat ng iba pang parapernalya gaya ng inilalarawan at nakasaad alinsunod sa seksyon 329-1. Mga Binagong Batas ng Hawaii.

Ang “manggagawang pang-edukasyon” ay nangangahulugang sinumang administrador, espesyalista, counselor, guro, o empleyado ng kagawaran, o isang taong boluntaryo sa isang programa, aktibidad, o punsyon sa paaralan na inisponsor o inaprubahan ng kagawaran, o isang taong kinuha ng kagawaran sa paraang nakakontrata o nakikibahagi sa pagpapatupad ng punsyong pang-edukasyon.

Ang “pangingikil” ay nangangahulugang aktong isinasagawa ng isang taong:

(1) Kumukuha, o nagkokontrol ng ari-arian o mga serbisyo ng iba na may layong pagkaitan ang taong iyon ng ari-arian o mga serbisyo sa pamamagitan ng pananakot sa pamamagitan ng salita o pag-uugali para:
   (A) Magdulot ng pinsala sa katawan sa hinaharap sa taong tinakot o sa sinumang iba pang tao;
   (B) Magdulot ng pagkasira sa ari-arian;
   (C) Isailalim ang taong tinakot o sinumang iba pang tao sa pisikal na pagkakakulong o pagpigil;
   (D) Ihantad ang lihim o isapubliko ang ipinahayag na katotohanan, totoo man o hindi, nilalayong isailalim ang ilang tao sa pagkapoot, paghamak, o pangungutya, o upang sirain ang kredibilidad o reputasyon sa negosyo ng tao;
   (E) Ibunyag ang anumang impormasyon ninanais na ikubli ng taong tinakot o ng sinumang iba pang tao;
   (F) Tumestigo para magbigay ng impormasyon, o ipagkait ang testimonya o impormasyon kaugnay ng legal na paghahabol o depensa ng iba;
   (G) Gumawa o ipagkait ang aksyon bilang tagapaglingkod ng publiko, o magdulot na gumawa o magkait ng naturang aksyon ang tagapaglingkod ng publiko;
   (H) Magdulot o ipagpatuloy ang welga, boykot, o iba pang katulad na aksyong may pagtitipon, para makuha ang ari-ariang hindi hiningi o natanggap para sa kapakinabangan ng grupong mukhang kinakatawan ng estudyante; o
   (I) Gawin ang anumang pagkilos na hindi Lubos na mapakikinabangan ng taong kumikilos ngunit magdudulot ng kapahamakan sa ilang tao kaugnay ng kalusugan, kaligtasan, edukasyon, negosyo, bokasyon, karera, pinansyal na kondisyon, reputasyon, personal na ugnayan;

(2) Pinipilit o nagdudulot sa ibang taong makibahagi sa pag-uugali kung saan ang taong iyon ay may karapatang umiwas o umiwas sa pag-uugali kung saan ang taong iyon ay may legal na karapatang makibahagi sa pamamagitan ng pananakot nang pasalita o pag-uugali upang gawin ang alinman sa mga aksyong nakatakda sa talaga (A) hanggang (I) ng depinisyong ito; o

(3) Gumagawa o pinipinansyahan ang anumang ekstensyon ng kredito, o kinokolekta ang anumang ekstensyon ng kredito sa mapangikil na paraan.

Ang “pakikipag-away” ay nangangahulugang pagsisimula o paghahamon ng pisikal na kontak sa kinapapalooban ng galit o pakikipag-alitan. Ang pakikipag-away ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

(1) Pakikibahagi sa mutwal na pisikal na kontak na kinapapalooban ng galit at pakikipag-alitan;

(2) Panunukso, panghaharas, pagbabanta, o pananakot sa iba na nagreresulta sa pisikal na kontak na kinapapalooban ng galit o pakikipag-alitan;
(3) Pisikal na paghihiganti para sa pag-uugaling mapanukso, mapangharas, mapagbanta, o mapanakot; pasalitang nag-uudyok; o
(4) Pisikal na sinusuportahan ang away sa pamamagitan ng sariling presensya at paghihikayat.

Ang "armas" ay nangangahulugang:

(1) Anumang sandata na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa starter gun, shotgun, mga air gun na kinabibilangan ng mga BB gun, pellet gun, paintball gun, o cross bow o anumang iba pang instrumentong nilalayon upang o maaaring magamit para magpalabas ng prodyektayl;
(2) Ang frame o receiver ng anumang naturang sandata;
(3) Anumang muffler ng armas o silencer ng armas; o
(4) Anumang nakakasirang aparato. Ang katagang "nakakasirang aparato" ay nangangahulugang:
    (A) Anumang sumasabog, nasusunog, o nakalalasong gas:
        (i) Bomba;
        (ii) Granada;
        (iii) Rocket na mayroong propellant charge;
        (iv) Missile na mayroong sumasabog o nasusunog na charge;
        (v) Mina; o
        (vi) Aparatong katulad ng alinman sa mga aparatong inilalarawan sa naunang sugnay;
    (B) Anumang uri ng sandatang agad na maglalabas o maaaring maglabas ng prodyektayl, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa sandatang naglalabas ng prodyektayl sa pamamagitan ng pagsabog o iba pang propellant; o
    (C) Anumang kumbinasyon o mga bahagi ng idinisenyo o nilayon para magamit para gumawa ng anumang aparating inilalarawan sa itaas, at mula rito kung saan ang nakakasirang device ay maaaring mabuo.

Ang "pagpapalsipika" ay nangangahulugang:

(1) Pumipirma ang estudyante ng pangalang hindi kanya sa isang dokumento o;
(2) Ang ilegal na paggawa o muling paggawa ng mga materyales gaya ng mga tiket para sa paglikom ng pondo o para sa isports.

Ang "pagsusugal" ay nangangahulugang pagtataya o pakikipagsapalaran ng isang bagay na may halaga sa kalalabasan ng isang kontest ng pagkakataon o isang posibilidad sa hinaharap na wala sa kontrol o impluwensya ng taong iyon, sa pakikipagkasundo o pag-unawa na ang taong iyong o ang ibang tao ay makakatanggap ng isang bagay na may halaga sa kaganapang may kalalabasan. Hindi kasama sa pagsusugal ang tunay na mga transaksyon sa negosyong balido sa ilalim ng batas ng mga kontrata para sa pagbili o pagbebenta sa petsa sa hinaharap ng mga panagot o bagay, at mga kasunduan upang magbigay ng kompensasyon para sa pagkatalong dulot ng tsansa, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga kontrata ng pagpapalaya sa pananagutan o garantiya at seguro para sa buhay, kalusugan, o aksidente.

Ang "pagpapahayag ng kasarian" ay nangangahulugang paraan kung saan kumakatawan o ipinahahayag ng isang tao ang kasarian sa iba, kadalasan sa pamamagitan ng pag-uugali, pananamit, mga istilo ng bukod, mga aktibidad, boses, o paraan ng pagkilos.

Ang “pagkakakilanlan ng kasarian” ay nangangahulugang internal at nararamdaman sa kaibuturan ng isang tao na pagiging lalaki, babae, o iba pa na nauugnay sa pagkakakilanlang nauugnay sa kasarian ay naiiba sa pangangatawan o itinalagang kasarian sa taong iyon noong ipinanganak. Ang bawat isa ay may pagkakakilanlan ng kasarian.

Ang “panghaharas” ay nangangahulugang anumang nagbabanta, nang-iinsulto, o agresibong pag-uugaling maaaring nasa paraang nakasulat, at nakadirekta laban sa isang estudyante, kabilang ang mga nasa katayuan ng pinoprotektahang uri. Ang ugali ng panghaharas ay dapat magkaroon ng epekto ng:

(1) Paglalagay sa isang estudyante sa makatuwirang takot o kapahamakan sa kanyang pagkatao o ari-arian;

(2) Pakikialam sa pagganap, mga oportunidad, o mga benepisyo sa pag-aaral ng isang estudyante; o

(3) Paggambala sa maayos na pagpapatakbo sa paaralan.

Ang “hazing” ay nangangahulugang anumang pag-uugali o paraan ng initiation sa anumang organisasyon o aktibidad ng estudyante, ito man ay sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan, na sa sariling pagpapasya o padalus-dalos na paglalagay sa panganib ng kalusugan ng pangangatawan o pag-iisip ng sinumang estudyante. Magiging kabilang sa naturang pag-uugali ang, ngunit limitado sa paghahagupit, pambubugbog, pagbabansag, pinuwersang kalisteniks, paghantad sa panahon, pinuwersang pagkonsumo ng anumang pagkain, alak, inumin, droga o iba pang substansya, mahalay na paghantad, o anumang iba pang pagtrato o pinuwersang pisikal na aktibidad na malamang na magdulot ng masamang epekto sa kalusugan ng pangangatawan o pag-iisip, o pareho, o kaligtasan ng sinumang estudyante, o nagpapailalim sa sinumang estudyante sa malubhang stress sa pag-iisip, kabilang ang pagkakait ng tulog o pahinga, pinalawig na pagbubukod, o panghihiya.

Ang “pagha-hijack” ay nangangahulugang pangingikil mula sa iba sa pamamagitan ng pananakot o nahihinuhang pananakot.

Ang “pagpaslang” ay nangangahulugang pagdudulot ng kamatayan sa isang tao.

Ang “mga hindi naaangkop o kwestyonableng paggamit, o pareho ng mga materyal sa internet o kagamitan” ay nangangahulugang hindi pagsunod ng estudyante sa mga patnubay sa teknolohiya sa antas ng estado at paaralan. Kabilang sa mga halimbawa ng mga hindi naaangkop o kwestyonableng paggamit ng computer ng kagawaran o mga mapagkukunan ng network ang, ngunit hindi limitado sa hindi pagpapadala o paglusot sa mga filter, software sa pagsusugal, software sa pagbabahagi ng musika, o lantarang mahahalay na litrato o larawan na hindi sumusuporta sa misyon at layunin ng departamento.

Ang “mga ipinagbabawal na gamot” ay nangangahulugang mga substansya, pag-aari, pamamahagi, pagkonsumo, pagmamanupaktura, pagamit, pagbebenta o paghahatid nito na ipinagbabawal sa ilalim ng kabanata 329, Mga Binagong Batas ng Hawaii at kabanata 712, bahagi IV, Mga Binagong Batas ng Hawaii.

Ang “mga agarang interbensyon” ay nangangahulugang isina-indibidwal na serbisyong inihahandog sa lalong madaling panahon, ngunit hindi hihigit sa pitumpu’t dalawang oras pagkatapos matanggap ang reklamo, sa isa o parehong nagrereklamo/biktima o tagasagot na sangkot sa reklamo gaya ng naaangkop upang protektahan ang mga estudyante mula sa posibleng panghaharas o pambu-bully,

kabilang ang diskriminasyon, panghaharas o pambu-bully sa lahi, kasarian, o kapansanan. Ang mga agarang interbensyon ay maaaring ihandog bago ang imbestigasyon o habang nakabinbin ang imbestigasyon. Ang mga agarang interbensyon habang nakabinbin ang imbestigasyon ay maaaring kabilangan ng counseling, pagpapalawig ng panahon o iba pang pagsasaayos na nauugnay sa kurso, pagbabago sa mga iskedyul ng gawain o klase, mga serbisyo ng pag-e-escort sa kampus, mga restriksyon sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga panig, mga pagliban, nadagdagang seguridad at pagsubaybay sa ilang lugar sa kampus, o iba pang mga kahalintulad na akomodasyon. Maaaring maglagay ng mga agarang interbensyon ang kagawaran depende sa kaso at nang pansamantala pagkatapos makatanggap ng abiso ng reklamo at bago ang anumang kinalabasan - pag-iimbestiga, pagdidisiplina, o panremedyo - ay napagpasyahan. Ang mga hakbang na ito ay itatakda upang mapanatili ang karanasan sa pag-aaral ng nagrereklamo/biktima, matiyak ang kaligtasan ng lahat ng panig at mas malawak na komunidad ng kagawaran, mapanatili ang integridad ng proseso ng pag-iimbestiga at/o resolusyon, at mapigilan ang paghihiganti. Magkakaroon ng mga agarang interbensyon sa lahat ng yugto ng imbestigasyon. Maaaring mabago o bawiin ang mga ito habang naglilikom ng karagdagang impormasyon.

Ang “isina-indibidwal na pagtuturong nauugnay sa mga problemang pag-uugali ng estudyante” ay nangangahulugan na bilang resulta ng aksyon ng pagdidisiplina, tatanggap ang estudyante ng isina-indibidwal na pagtuturong nauugnay sa mga problemang pag-uugali ng estudyante. Ang mga halimbawa ng isina-indibidwal na pagtuturo ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa pagbuo at pagpapatupad ng mga planong sumusuporta sa pag-uugali, pagbuo ng mga kontrata sa pag-uugali at paglilinang ng mga kasanayan sa pakikisalamuha, o kumbinasyon ng mga binanggit.

Ang “hindi pagsunod” ay nangangahulugang hindi pagsasaalang-alang o pagtangging sumunod sa utos na karapat-dapat ibigay ng guro, opisyal, o ibang empleyado ng kagawaran.

Ang “pagsuspindi sa paaralan” ay nangangahulugang ang estudyante ay pansamantalang inalis sa kanyang programa ng paaralan para sa mga layunin ng pagdidisiplina ngunit nananatiling nasa ilalim ng direktang pangangasiwa sa mga tauhan ng paaralan upang makumpleto ang gawain ng pag-aaral.

Ang “pansamantalang kapaligiran para sa alternatibong edukasyon” o “IAES” ay nangangahulugang pansamantalang pagtatalaga para sa estudyanteng isinuspindi o kaya ay inalis sa kasalukuyang pagkakatalaga sa pag-aaral para sa mga dahilan ng pagdidisiplina kung saan ang estudyante ay patuloy na tumatanggap ng mga serbisyo sa pag-aaral upang mapahintulutan ang estudyanteng patuloy na makibahagi sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at umunlad tungo sa pagtugon sa mga mithiing itinakda sa IEP ng estudyante.

Ang “paggamit ng nakalalangong substansya” ay nangangahulugang paggamit ng anumang substansya, na nagdudulot ng pagkagambala sa pagganap ng pangangatawan o pag-iisip kabilang ang, ngunit hindi limitado sa alkohol.

Ang “laser pen/pointer’’ ay nangangahulugang aparatong naglalabas ng maliwanag na laser light na nakikita bilang tuldok sa anumang ibabaw kung saan ito nakatutok at nang hindi inawtorisahang layunin o paggamit ng kagawaran. Maliban kung pinahintulutan, ang pagkakaroon o paggamit ay ipinagbabawal sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

Ang “pag-alis sa kampus nang walang pahintulot” ay nangangahulugang pag-alis sa mga pasilidad ng paaralan, pasilidad ng kagawaran, o programa ng kagawaran nang hindi muna kumukuha ng pahintulot mula sa mga opisyal ng paaralan.

Ang “mga problemang pag-uugaling may mababang intensidad” ay nangangahulugang mga pag-uugaling ipinapakita nang hindi madalas, maikling pakikibahagi, at hindi nauuwi sa malubhang pinsala.

Ang “mail” o “ipinadala sa pamamagitan ng koreo” ay nangangahulugang ipinadala sa pamamagitan ng:

(1) Regular mail;
(2) Certified mail; o
(3) Hiniling ang katibayan ng pagpapadala.

Ang “maliliit na problemang pag-uugali” ay nangangahulugang pagpapakita ng mga problemang pag-uugali na may mababang intensidad na maaaring kabilangan ng, nguniti hindi limitado sa mga sumusunod.

(1) Ang “paglaban/hindi paggalang/hindi pagsunod” ay nangangahulugang nakikibahagi ang estudyante sa maikli o may mababang intensidad na hindi pagtugon sa mga kahilingan ng nakakatanda;
(2) Ang “paggambala” ay nangangahulugang nakikibahagi ang estudyante sa may mababang intensidad, hindi naaangkop na paggambala;
(3) Ang “paglabag sa kodigo sa pananamit” ay nangangahulugang ang suot na damit ng estudyante ay wala sa loob ng mga patnubay sa kodigo sa pananamit na inilalarawan ng paaralan;
(4) Ang “hindi naaangkop na pananalita” ay nangangahulugang nakikibahagi ang estudyante sa may mababang intensidad na pagkakataon ng hindi naaangkop na pananalita;
(5) Ang “pisikal na kontak” ay nangangahulugang nakikibahagi ang estudyante sa hindi maluba, hindi naaangkop na pisikal na kontak;
(6) Ang “maling paggamit ng ari-arian” ay nangangahulugang nakikibahagi ang estudyante sa may mababang intensidad na maling paggamit ng ari-arian;
(7) Ang “pagkahuli” ay nangangahulugang dumarating ang estudyante sa paaralan pagkatapos magsimula ang paaralan, o dumating ang estudyante sa klase pagkatapos magsimula ang klase, o pareho.

Ang “kapabayaan” ay nangangahulugang paglalapat ng pangangalaga na gagawin ng isang mahinahon at maingat na tao sa mga katulad na pagkakataon na magreresulta sa pinsala sa isang tao o pagkawala, pagkasira pagkawasak o pinsala sa mga aklat, kagamitan, o mga supply ng paaralan.

Ang “magulang” ay nangangahulugang tunay o legal na magulang, legal na tagapag-alaga o iba pang legal na kustodyan ng estudyante. Para sa mga estudyanteng nasa edad na labing-walong taong gulang o mas matanda pa, ang lahat ng mga karapatan ng magulang dito ay nalilipat sa estudyante, maliban kung ang tunay o legal na magulang, legal na tagapag-alaga, o iba pang legal na kustodyan ay legal na nakakuha ng mga karapatan sa paggawa ng desisyon para sa estudyante.

Ang “pagsira sa ari-arian” o “bandalismo” ay nangangahulugang:

(1) Pagsira sa ari-arian ng paaralan o ng ibang tao;
(2) Pagsira o pagwasak sa ari-arian ng paaralan o pasilidad; o
(3) Pagsira o pagwasak sa mga materyales ng paaralan, gaya ng, ngunit hindi limitado sa mga planner, nametag para sa pagkakakilanlan, o meal card.

Ang “pinoprotektahang uri/batayan” para sa layunin ng kabanatang ito ay kinabibilangan ng lahi, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, edad, bansang pinagmulan, ninuno, kapansanan, pisikal na anyo at katangian, at katayuang sosyo-ekonomiko.

Ang “mga remedyo” ay mga isina-indibidwal na serbisyong inihahandog sa pagtatapos ng imbestigasyon na nagpapanatili sa karanasanan sa edukasyon o upang matiyak ang kaligtasan ng mga estudyante o mas malawak na komunidad ng kagawaran. Ang mga remedyo para sa mga estudyante ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pag-aayos ng mga iskedyul sa pag-aaral at gawain sa kurso, at ang pagbibigay ng mga sumusuportang serbisyo sa pag-aaral, medikal at sikolohikal.

Ang “pagbibigay ng maling babala” ay nangangahulugang nagbibigay ang estudyante ng maling babala ng sunog o iba pang emerhensyang ipapaalam sa o sa loob ng opisyal o boluntaryong kagawaran para sa sunog, anumang ahensya ng pamahalaan, o pampublikong utilidad na nangangasiwa sa mga emerhensyang kinapapalooban ng buhay o ari-arian.

Ang “restitusyon” ay nangangahulugang pagbabayad sa anyo ng pananalapi o hindi sa anyo ng pananalapi sa kagawaran o Estado ng Hawaii para sa makatwirang halaga ng ari-arian ng pampublikong paaralan na nawala, nasira, nawasak o napinsala bilang resulta ng kapabayaan o bandalismo ng estudyante.

Ang “paghihiganti” ay nangangahulugang masamang aksyon laban sa estudyante dahil siya ay nakibahagi sa pinoprotektahang aktibidad. Kabilang sa pinoprotektahang aktibidad ang paghahain ng reklamo sa diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), o pambu-bully; pakikibahagi sa paglilitis ng reklamo o imbestigasyon na may kinalaman sa diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), o pambu-bully; nagtatanongng tungkol sa mga karapatan sa ilalim ng kabanatang ito; o kung hindi ay tinututulan ang mga aktong tinalakay sa ilalim ng kabanatang ito. Ang masamang aksyon ay anumang aksyon na hindi maghihimok sa makatwirang taong gumawa o sumuporta sa isang reklamo sa ilalim ng mga patakarang ito. Ang mga pagganti o paghihiganti ay ipagbabawal kapag mayroong pinoprotektahang aktibidad kung saan nakibahagi nang may mabuting layunin.

Ang “nakawan” ay nangangahulugang, sa panahon ng paggawa ng pagnanakaw, o pag-hijack, ang estudyante ay:

(1) Sumusubok na pumatay ng ibang tao, o nagdudulot ng o sumusubok na magdulot ng malubhang pinsala sa katawan ng ibang tao; o
(2) Mayroon o walang mapanganib na instrumento:
    (A) Gumagamit ng puwersa laban sa taong iyon na may layong mapanaigan ang pisikal na pagtutol ng may-ari o pisikal na kakayahang tumutol;
    (B) Nagbabanta ng napipintong paggamit ng puwersa laban sa tao ng sinumang naroroon na may layong ipilit ang pagsunog sa pagkuha ng o pagtakas kasama ang ari-arian; o
    (C) Magdulot ng malubhang pinsala sa katawan ng ibang tao.

Ang “paaralan” o “pampublikong paaralan” ay nangangahulugang mga uri ng paaralang pang-akademiko at hindi pangkolehiyo na itinatag at pinananatili ng kagawaran alinsunod sa batas ng estado.

Ang “mga aklat ng paaralan” ay nangangahulugang mga aklat sa aklatan at aklat sa klase.

Ang “opisyal ng paaralan” ay nangangahulugang sinumang administrador, espesyalista, counselor, guro, attendant sa seguridad ng paaralan, o iba pang

empleyado ng kagawaran na responsable para sa pangangasiwa sa mga estudyante. Hindi kasama rito ang mga indibidwal kung saan ang mga serbisyo ay nakuha.

Ang “mga pagkakasalang nauugnay sa paaralan” ay nangangahulugang mga pagkakasalang may kinalaman sa ari-arian ng paaralan, o mga pagkakasalang ginawa sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

Ang “mga patakaran ng paaralan” ay nangangahulugang mga patakaran sa pag-uugali sa buong paaralan na itinatag ng paaralan.

Ang “tauhan ng paaralan” ay nangangahulugang sinumang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran.

Ang “paghahanap” ay nangangahulugan na kung pagkatapos hilingin sa estudyanteng kusang-loob na ipaubaya ang (mga) bagay na kontrabando at tumanggi ang estudyante at mayroong mga makatwirang batayan upang maniwala na nilabag ng estudyante ang batas o mga probisyong ipinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito, o kung mayroong isyu sa kalusugan o kaligtasan sa mga ipinagbabawal na gamot, mapanganib na sandata, mapanganib na instrumento o armas, o kumbinasyon ng mga nabanggit, maaaring siyasatin ng opisyal ng paaralan ang mga nilalaman at pag-aari na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga pitaka, fanny pack, backpack, jacket, sapatos, medyas, o anumang iba pang panlabas na damit.

Ang “pagkumpiska” ay nangangahulugang pagkuha sa (mga) bagay na kontrabando na hindi nagawa sa panahon ng paghahanap.

Ang “malubhang pagdidisiplina” ay nangangahulugang mga aksyon ng pagdidisiplina na kinabibilangan ng mga pagpapatalsik, paglipat na pagdidisiplina, pag-alis sa panahon ng krisis, at pagsususpindi na lumalampas ng sampung araw o magreresulta sa estudyanteng inaalis sa panahon ng krisis o sinususpindi ng mahigit sa kabuuang sampung araw ng pasukan sa anumang iisang semestre.

Ang “sekswal na pag-atake” ay nangangahulugang akto ng paggawa ng hindi ninanais na pisikal na kontak sa likas na sekswal sa isang tao, ito man ay ng isang kakilala o ng isang estranghero. Ang naturang kontak ay hindi ninanais kapag nangyari ito ng walang pahintulot ng taong iyon, o kapag ang taong iyon ay walang kapasidad o kaya ay walang kakayahang magbigay ng pahintulot. Ang pahintulot ay nangangahulugang apirmatibo, batid, at kusang-loob na pagsang-ayon na makibahagi sa isang napagkasunduang mga uri ng sekswal na kontak. Kung ang estudyante ay sumasailalim sa sekswal na pag-atake at wala pa sa edad na maaari itong magpahintulot, ituturing na walang pahintulot ang ibinigay. Ang sekswal na pag-atake ay isang uri ng sekswal na panghaharas.

Ang “sekswal na pananamantala” ay nangangahulugang paglabag sa sekswal na pagkapribado ng isang tao, o sekswal na pananamantala na hindi makatarungan at mapang-abuso sa iba nang walang pahintulot at kapag ang naturang pag-uugali ay sa ibang paraan ay hindi itinuturing na sekswal na pag-atake. Ang pahintulot ay nangangahulugang apirmatibo, batid, at kusang-loob na pagsang-ayon na makibahagi sa isang napagkasunduang mga uri ng sekswal na kontak. Kung ang estudyante ay sumasailalim sa sekswal na pananamantala at wala pa sa edad na maaari itong magpahintulot, ituturing na walang pahintulot ang ibinigay. Ang sekswal na pananamantala ay isang uri ng sekswal na panghaharas.

Ang “sekswal na panghaharas” ay nangangahulugang hindi ninanais, hindi iniimbita, o hindi hinihinging pasalita o pisikal na akto na likas na sekswal na nakadirekta sa indibidwal dahil sa kanyang kasarian. Maaaring maging kabilang sa

sekswal na panghaharas ang mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor o sekswal na pananamantala kapag ang pagpapaubaya sa o pagtanggi sa pag-uugali ay isang hayagan o ipinapahiwatig na tuntunin o kondisyon sa edukasyon ng estudyante o pakikibahagi sa programa, aktibidad o serbisyo ng kagawaran; o kapag ang pagpapaubaya sa o pagtanggo sa pag-uugali ay ginamit bilang batayan sa mga desisyong nakakaapekto sa edukasyon ng estudyante o pakikibahagi sa programa, aktibidad o serbisyo ng kagawaran. Kabilang sa sekswal na panghaharas ang, ngunit hindi limitado sa, maling sekswal na pag-uugali, hindi iniimbitang mga sekswal na pananamantala, mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor, o iba pang pasalita, hindi pasalita, o pisikal na pag-uugaling likas na sekswal. Maaaring kasama rito ang pag-uugaling gaya ng paghipo na likas na sekswal, paggawa ng mga sekwal na komento, biro, pagmuwestra ng kamay, pagsulat ng graffiti o pagpapakita o pamamahagi ng sekswal na lantarang mga pagguhin, litrato o nakasulat na materyal, pagtawag sa mga estudyante ng mga pangalang sa sekswal na paraan, pagpapakalat ng mga sekswal na sabi-sabi, pagre-rate sa estudyante sa sekswal na aktibidad, o pagpapalaganap, pagpapakita, o paggawa ng mga e-mail o website na likas na sekswal. Ang sekswal na pananamantala at sekswal na pag-atake ay napapailalim din sa kahulugan ng sekswal na panghaharas.

Ang “sekswal na oryentasyon” ay nangangahulugang emosyonal at sekswal na atraksyon ng isang tao sa isa pang tao batay sa kasarian ng taong iyon. Ang mga pangkaraniwang terminolohiya para ilarawan ang sekswal na oryentasyon ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, heterosekswal, gay, lesbian, at bisekswal. Ang sekswal na oryentasyon ay pagkakakilanlan ng kasarian ay magkaiba.

Ang “paninigarilyo” o “paggamit ng tabako” ay nangangahulugang pagkakaroon, pagbebenta o pamamahagi ng mga produktong tabako sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

Ang “palihim na pagmamanman” ay panangangahulugang dalawa o h igit pang gawain na hindi kanais-nais na pag-uugaling nakatuon sa isang partikular na tao na may sapat na kalubhaan para magdulot ng pisikal, emosyonal, o sikolohikal na takot o para lumikha ng hindi kaaya-ayang nakakapanakot o mapang-abusong kapaligirang pang-edukasyon.

Ang “strip search” ay nangangahulugang mga paghahanap na mangangailangan ng paghuhubad ng pananamit na magreresulta sa pagkahantad ng mga ari, suso ng babae, o panloob o kumbinasyon nito.

Ang “pagsuspindi” ay nangangahulugang pagpapatalsik sa paaralan para sa espesipikong panahon sa panahon ng taon ng pag-aaral.

Ang “switchblade knife” ay nangangahulugang anumang patalim na awtomatikong nagbubukas:

(1) Sa pamamagitan ng presyur ng kamay na inilalapat sa buton o iba pang aparato sa hawakan ng patalim, o

(2) Sa pamamagitan ng operasyon ng inersya, grabidad, o pareho.

Ang “panteroristang pagbabanta” ay nangangahulugang:

(1) Isang banta, sa paraan ng salita o pag-uugali, para magdulot ng pinsala sa katawan sa isang tao o malubhang pagkasira sa ari-arian ng iba pang tao;

(2) May layong magdulot, o sa padalus-dalos na hindi pagsasaalang sa panganib ng pagdudulot ng paglikas sa gusali, lugar ng pagtitipon, o pasilidad ng pampublikong transportasyon; o



3352

(3) Pagpapakita ng “katulad na anyo” ng baril o sandata.

Ang “pagnanakaw” ay nangangahulugang:

(1) Pagkuha o pagkokontrol sa, ari-arian ng iba at pagkakait sa taong iyon ng ari-ariang iyon;

(2) Pagkuha o pagkokontrol sa, ari-arian ng iba sa pamamagitan ng panlilinlang at pagkakait sa taong iyon ng ari-ariang iyon;

(3) Kumukuha, o nagkokontrol sa, ari-arian ng iba na alam ng taong iyon na nawala o hindi sadyang nawala o naging mali ang pagkakahatid pagdating sa katangian o dami ng ari-arian, pagkakakilanlan ng tumanggal, o iba pang mga katotohanan, at nang may layong ipagkait sa may-ari ang ari-arian, ang taong iyon ay hindi gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matuklasan o maabisuhan ang may-ari;

(4) Pagkuha ng mga serbisyo, na alam ng taong iyon na makukuha lamang para sa kompensasyon, sa pamamagitan ng panlilinlang, false token, o iba pang mga paraan upang maiwasan ang pagbabayad sa mga serbisyo;

(5) Pagkakaroon ng kontrol sa pagkakaloob ng mga serbisyo ng iba kung saan ang taong iyon ay hindi karapat-dapat at inililipat ang mga serbisyo sa ikapakikinabang ng taong iyo o sa ikapakikinabang ng taong hindi karapat-dapat sa bagay na iyon;

(6) Hindi paggawa ng kinakailangang pagkakaloob ng mga pondo sa pamamagitan ng:

(A) Pagkuha ng ari-arian mula sa sinuman pagkatapos magkasundo, o napapailalim sa kilalang legal na obligasyon, upang gumawa ng tinukoy na pagbabayad o iba pang pagkakaloob ito man ay mula sa ari-arian o sa mga nalikom mula rito o mula sa sariling ari-arian ng taong iyon na nakareserba sa katumbas na halaga, at paghawak sa ari-arian bilang pag-aari ng taong iyon at hindi paggawa ng iniaatas na pagbabayad o pagkakaloob; o

(B) Pagkuha ng mga personal na serbisyo mula sa empleyado pagkatapos magkasundo o napapailalim sa kilalang legal na obligasyon upang gumawa ng pagbabayad o iba pang pagkakaloob ng mga pondo sa ikatlong t ao dahil sa trabaho, at sadyang hindi pagbabayad o pagkakaloob sa tamang oras;

(7) Pagtanggap, pagpapanatilo, o pagkakaloob ng ari-arian ng iba, habang alam na ito ay ninakaw, na may layong ipagkait sa may-ari ang ari-arian; o

(8) Pag-uumit sa tindahan:

(A) Pagkukubli o pagkakaroon ng mga bagay o ipinagbibili sa anumang department store o establisimiyentong retail ng kagawaran na may layong manloko;

(B) Pagbabago sa price tag o iba pang pagmamarka ng presyo sa mga gamit o ibinibenta ng anumang department store o establisimiyentong retail sa kagawaran [ng edukasyon] na may layong manloko; o

(C) Paglilipat ng mga gamit o ibinibenta ng anumang department store o establisimiyentong retail ng kagawara mula sa isang lalagyan patungo sa isa, na may layong manloko.

Ang "trespass" ay nangangahulugang pagpasok o pananatili sa o sa mga pasilidad ng anumang paaralan, pasilidad ng kagawara pagkatapos ng makatwirang babala o kahilingang umalis ng mga awtoridad ng paaralan o opisyal ng pulisya.

Ang "pambubulakbol" ay nangangahulugang hindi pagpasok sa (mga) klase o kampus ng paaralan nang walang awtorisasyon mula sa punong-guro o itinalaga. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-101, 302A-1101, 302A-1112, 302A-1134, 302A-1134.5)

**§8-19-3 Paggamit.** (a) Ang mga probisyon sa kabanatang ito ay iaangkop sa lahat ng estudyanteng nakatala sa pampublikong paaralan sa panahon ng regular na taon ng pag-aaral, summer session, o mga inter-sesyon anuman ang edad na kasama ang, sa labas ng mga oras kapag nasa sesyon ang paaralan, ang mga naninirahang estudyante ay sumasailalim sa mga patakaran ng dormitoryo na binuo ng paaralan at pinagkasunduan sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot ng (mga) magulang o (mga) legal na tagapag-alaga ng mga nainirahang estudyante.

(b) Ang mga administratibong patakaran ng Hawaii para sa mga estudyanteng may mga kapansanan ay iaangkop sa pagdidisiplina sa mga estudyanteng karapat-dapat na tumanggap ng espesyal na edukasyon o iba pang mga serbisyo sa ilalim ng mga kabanatang iyon.

(c) Ang mga tinutukoy hinggil sa punong-guro o itinalaga sa sub-kabanata 2 ay mauunawaang isasama ang direktor ng summer school para sa mga layunin ng pagdidisiplina sa summer school. Ang mga tinutukoy hinggil sa taon ng pag-aaral sa kabanatang ito ay mauunawaang mangahulugang summer session sa tuwing naaangkop ang summer school.

(d) Ang pagdidisiplina sa panahon ng mga inter-sesyon at sa summer school ay pamamahalaan ng sub-kabanata 3. Ang pagdidisiplina sa mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon sa panahon ng pagpapalawig sa taon ng pag-aaral ng estudyante ay pamamahalaan ng sub-kabanata 2 at ang mga patnubay at iniaatas ng mga administratibong patakaran ng Hawaii para sa mga estudyanteng may mga kapansanan.

(e) Sa lahat ng kaso, ang mga administratibong aksyon at pag-uulat na nauugnay sa estudyante, iaangkop ang kabanata 8-34. Bukod dito, para sa mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, ang mga administratibong patakawan ng Hawaii para sa mga estudyanteng may mga kapansanan ay mananaig.

(f) Walang aksyong nauugnay sa pagsuspindi, malubhang pagdidisiplina, o restitusyon para sa bandalismo o kapabayaan ang gagawin maliban kung alinsunod sa kabanatang ito.

(g) Ang lahat ng bagay na nauugnay sa mga pagtatanong o pag-aresto ng pulis, o pareho, sa mga estudyante ay pangangasiwaan alinsunod sa kabanatang ito.

(h) Para sa pag-uugali ng (mga) nasa hustong gulang tungo sa (mga) estudyante batay sa pinoprotektahang uri ng (mga) estudyante, sumangguni sa kabanata 8-89 para sa gabay. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS 302A-1101)

**§8-19-4 Paghihiwalay.** Kung ang anumang probisyon sa kabanatang ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay itinuturing na hindi balido, ang pagiging hindi balido ay hindi makakaapekto sa ibang mga probisyon o aplikasyon sa kabanata na maaaring mabigyan ng epekto nang walang probisyon o aplikasyong hindi balido, at sa layuning ito, ang mga probisyon sa kabanatang ito ay maaaring ihiwalay. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; comp 9/10/09) (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

**§8-19-4.1 Karapatan sa pagkapribado ng estudyante.** (a) Ang impormasyong nauugnay sa mga reklamo, imbestigasyon at mga ulat ay mananatiling kumpidensyal at ibabahagi lamang sa mga naaangkop na indibidwal na kailangan upang makumpleto ang imbestigasyon at proseso ng paggawa ng desisyon.

(b) Ang matutukoy na impormasyon tungkol sa estudyante ay hindi isisiwalat nang walang abiso sa magulang o legal na tagapag-alaga ng estudyante.

(c) Ang mga rekord ng imbestigasyon ay pananatilihin ng kagawaran na nakahiwalay sa mga rekord na pang-edukasyon. [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A- 1112) (Imp: HRS §§302A-1101, 302A-1112)

SUB-KABANATA 2

MALING PAG-UUGALI AT DISIPLINA SA ESTUDYANTE SA PANAHON NG TAON NG PAG-AARAL

**§8-19-5 Mga aksyon ng pagdidisiplina; awtoridad.** (a) Ang mga pagsususpinding lumalampas ng sampung araw ng pasukan o mga pagsususpinding magreresulta sa pagkakasuspindi ng estudyante ng mahigit sa kabuuang sampung araw ng pasukan sa iisang semestre, mga paglipat na pagdidisiplina, pagpapatalsik, at pagpapalawig ng pag-alis sa panahon ng krisis ay aaprubahan ng complex area superintendent.

(b) Ang mga pag-alis sa panahon ng krisis at pagsuspindi ng sampung araw ng pasukan o mas mababa pa ay maaaring aprubahan ng punong-guro o itinalaga.

(c) Sa pagpapasya ng mga aksyon ng pagdidisiplina, ang punong-guro o itinalaga ay isasaalang-alang ang intensyon ng nagkasala, ang katangian at kalubhaan ng pagkakasala, ang epekto ng pagkakasala sa iba kabilang ang kung ang aksyon ay isinagawa ng isang indibidwal o grupo ng mga indibidwal gaya ng gang, edad ng nagkasala, at kung ang nagkasala ay umulit sa pagkakasala. [Eff 9/1/82; ren §8-19-4, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

**§8-19-6 Ipinagbabawal na pag-uugali ng estudyante; mga pagkakasala sa klase.** (a) Ang sumusunod na ipinagbabawal na pag-uugali ay naaangkop sa lahat ng estudyante sa sistema ng pampublikong paaralan, sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

(1) Mga pagkakasalang Class A:
  (A) Pag-atake;
  (B) Pambu-bully (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
  (C) Panloloob;



3352

(D) Cyberbullying (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
(E) Mapanganib na instrumento, o substansya; pagpaparoon o paggamit nito;
(F) Mga mapanganib na sandata; pagkakaroon, o paggamit nito;
(G) Parapernalya ng droga; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(H) Pangingikil;
(I) Pakikipag-away;
(J) Mga sandata; pagkakaroon o paggamit nito;
(K) Panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
(L) Pagpaslang;
(M) Mga ipinagbabawal na gamot; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(N) Mga nakakalangong substansya; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(O) Pagsira sa ari-arian o bandalismo;
(P) Pagnanakaw;
(Q) Sekswal na pag-atake;
(R) Sekswal na pananamantala;
(S) Sekswal na panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 5-12);
(T) Palihim na pagsunod at pagmamanman; o
(U) Panteroristang pagbabanta.

(2) Mga pagkakasalang Class B:
(A) Pambu-bully (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(B) Cyberbullying (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(C) Diskriminasyon;
(D) Panggugulo;
(E) Maling babala;
(F) Pagpapalsipika;
(G) Pagsusugal;
(H) Panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(I) Hazing;
(J) Mga hindi naaangkop o kwestyonableng paggamit, o pareho ng mga materyal sa internet o kagamitan, o pareho;
(K) Paghihiganti;
(L) Sekswal na panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-4);
(M) Pagnanakaw; o
(N) Trespassing (Pagpasok nang walang pahintulot).

(3) Mga pagkakasalang Class C:
(A) Mapang-abusong lenggwahe;
(B) Pambubulakbol;
(C) Hindi pagsunod;
(D) Laser pen/laser pointer; pagkakaroon o paggamit nito;
(E) Pag-alis sa kampus nang walang pahintulot;
(F) Paninigarilyo o paggamit ng mga substansyang tabako; o
(G) Pambubulakbol.

(4) Mga pagkakasalang Class D:
(A) Mga kontrabando; pagkakaroon o paggamit nito;

(B) Maliliit na problema sa pag-uugali; o
(C) Iba pang mga tuntunin sa paaralan.
(i) Anumang iba pang pag-uugali gaya ng iniaatas at ipinagbabawal ng mga patakaran ng paaralan. Ang mga indibidwal na patakaran ng paaralan ay ilalathala at makukuha para masiyasat sa tanggapan ng paaralan at ipapaalam sa mga estudyante, tauhan ng paaralan, at mga magulang ang ipinagbabawal na pag-uugali sa ilalim ng class A hanggang class D ng seksyong ito.
(ii) Walang aksyon ng pagdidisiplina aabot sa malubhang pagdidisiplina ang ipapataw para sa paglabag sa anumang indibidwal na patakaran ng paaralan bilang pagkakasalang class D.

(b) Ang sinumang estudyanteng may armas ay patatalsikin sa paaralan ng hindi bababa sa isang taon. Ang pagkakaroon o paggamit ng armas ay ipinagbabawal sa campisa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan maliban kung para sa pakikibahagi sa mga programang shooting sport at pagsasanay sa marksmanship, edukasyon, at mga kumpetition ng pangkat ng atleta, club at/o Junior Reserve Officer Training Corp (JROTC). Ang superintendente o itinalaga, depende sa kaso, ay maaaring baguhin ang pagpapatalsik sa estudyanteng natagpuang may pag-aaring armas. Kung ang estudyante ay napatalsik sa paaralan, ang estudyanteng iyon ay pagkakalooban ng mga alternatibong aktibidad na pang-edukasyon o iba pang naaangkop na tulong gaya ng nakasaad sa seksyon 8-19-11.

(c) Ang sinumang estudyanteng may pag-aari, nagbebenta, o gumagamit ng mapanganib na sandata, switchblade knife o anumang kutsilyong hindi ginagamit nang tama, (mga) nakalalangong substansya, o (mga) ipinagbabawal na gamot habang pumapasok sa paaralan ay maaaring hindi papasukin sa paaralan ng hanggang siyamnapu't dalawang araw. Ang sinumang estudyanteng sapat na nakikitang nasa impluwensya ng, o nakakonsumo o gumamit ng mga nakalalangong (mga) substansya o (mga) ipinagbabawal na gamot bago pumasok sa paaralan o dumalo sa mga aktibidad na pinangangasiwaan ng kagawaran na idinaraos sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay maaaring hindi papasukin sa paaralan ng hanggang siyamnapung araw ng pasukan at pangangasiwaan ng paaralan ang screening tool para sa paggamit ng substansya upang malaman kung kailangan ng estudyanteng mai-refer para sa pagsusuri para sa pang-aabuso ng substansya alinsunod sa seksyon 302A-1134.6(f), Mga Binagong Batas ng Hawaii. Ang administrador ng paaralan ay susunod sa mga probisyon ng kabanatang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng imbestigasyon sa iniulat na insidente at ipapaalam sa magulang ang aksyon ng pagdidisiplina. Bukod dito, ang administrador ng paaralan ay magsasaayos para ma-screen ang estudyante ng isang may kasanayang screener. Ibubuod ng initinalagang screener ang mga resulta sa estudyante, at ipapaalam sa administrador ng paaralan ang mga resulta. Pagkatapos ay ipapaalam ng administrador ng paaralan sa pamilya ang mga resulta ng screening, ang mga probisyon ng batas sa maagang pagbabalik, at magbibigay ng listahan ng kokontakin para sa mga medikal na ahensya ng seguro na nagsasagawa ng mga pagsusuri para sa pang-aabuso sa substansya. Sa panahon ng screening, itatanong sa estudyante ang serye ng mga tanong upang malaman kung mababa, mataas o napakataas ng panganib ng estudyante para sa problema sa paggamit ng substansya.



3352

Kung ipinapahiwatig sa panayam sa screening ang mataas o napakataas na mga resulta, irerefer ang estudyante sa isang pormal na pagsusuri para sa pang-aabuso sa substansya. Ang pormal na pagsusuri para sa pang-aabuso sa substansya ay nagsisilbi upang bigyan ang mga eksperto ng klinikal na opinyon upang malaman kung mayroong problema sa pang-aabuso sa substansya, at kung gayon, maghahandog ng mga rekomendasyon sa paggagamot. Kung ire-refer para sa pagtatasa sa pang-aabuso sa substansya, ang mga estudyanteng may medikal na health insurance ay aatasang makipag-ugnay sa kanyang medical health carrier upang magpa-iskedyul ng appointment. Ang mga propesyonal na makakapagkaloob ng mga pagtatasa para sa pang-aabuso sa substansya ay kinabibilangan ng mga certified substance abuse counselors (CSAC), psychiatrists, advanced practice registered nurses (APRN), sikologo at lisensyadong klinikal na social worker. Maaaring aprubahan ng punong-guro o itinalaga ang mga pagsuspindi ng isa hanggang sampung araw ng pasukan. Aaprubahan ng complex area superintendent ang mga pagsuspinding lalampas ng sampung araw ng pasukan. Sa pagpapatupad ng diskresyon at pagpapasya ng mga aksyon ng pagdidisiplina, ang punong-guro o itinalaga ay isasaalang-alang, ang katangian at kalubhaan ng pagkakasala, ang epekto ng pagkakasala sa iba, ang edad ng nagkasala, at kung ang nagkasala ay umulit sa pagkakasala. Kung hindi papapasukin ang estudyante sa paaralan, titiyakin ng punong-guro o itinalga na ipagkakaloob ang mga alternatibong aktibidad na pang-edukasyon o iba pang naaangkop na sumusuportang tulong sa estudyante, at na ang estudyante ay ire-refer para sa naaangkop na interbensyon o mga serbisyo sa paggagamot, o pareho, ayon sa napagpasyahan ng punong-guro o itinalaga sa pakikipagsangguni sa naaangkop na tauhan ng paaralan o alinsunod sa mga administratibong patakaran ng Hawaii para sa mga estudyanteng may mga kapansanan, kung naaangkop.

(d) Isasagawa ang aksyon ng pagdidisiplina sa lahat ng uri ng pagkakasala sa mga baitang sa kindergarten hanggang ikalabindalawa alinsunod sa mga pamamaraang nakatakda sa ilalim ng kabanatang ito at sa loob ng mga sumusunod na opsyon gaya ng pinagpasyahan ng mga awtoridad na itinalaga sa seksyon 8-19-5. Ang mga interbensyon para ituro sa mga estudyante ang mga naaangkop na pag-uugali ay dapat maitakda kapag ipinapataw ang aksyon ng pagdidisiplina. Maaaring maging kabilang sa mga opsyon sa aksyon ng pagdidisiplina ang mga sumusunod:

(1) Pagtatama at pakikipagpulong sa estudyante;
(2) Detensyon;
(3) Pag-alis sa panahon ng krisis;
(4) Isina-indibidwal na pagtuturong nauugnay sa mga problemang pag-uugali ng estudyante;
(5) Pagsuspindi sa paaralan;
(6) Pansamantalang kapaligiran para sa alternatibong edukasyon;
(7) Pagkawala ng mga probilehiyo;
(8) Mga pakikipagpulong sa magulang;
(9) Panahon sa tanggapan;
(10) Pagkasuspindi ng isa hanggang sampung araw ng pasukan;
(11) Pagkasuspindi ng labing-isa o higit pang araw ng pasukan;
(12) Klase sa Sabado;
(13) Paglipat na pagdidisiplina;
(14) Referral sa mga alternatibong programang pang-edukasyon;
(15) Pagpapatalsik; o
(16) Restitusyon.

(e) Ang mga estudyante ay dapat mabigyan ng counseling bukod sa anumang aksyon ng pagdidisiplinang ginawa sa ilalim ng mga subseksyon (c) at (d).

(f) Walang aksyong aabot sa malubhang pagdidisiplina ang ipapataw sa mga estudyanteng nagkasala ng class D.

(g) Walang pagsuspindi o malubhang pagdidisiplina ang ipapataw sa sinumang estudyante dahil sa paglalakwatsa o pambubulakbol.

(h) Ang mga opsyon sa aksyon ng pagdidisiplina sa mga subseksyon (c) at (d) ay mauunawaan bilang mga aksyon ng pagdidisiplina sa loob ng taon ng pag-aaral.

(i) Ang mga aksyon ng pagdidisiplina ay maaaring ipagpatuloy hanggang sa susunod na taon ng pag-aaral kung ang pagkakasalang nagawa ay nasa loob ng dalawampung araw ng pasukan mula sa huling araw ng pagtuturo para sa mga estudyante sa taong iyon ng pag-aaral. [Eff 9/1/82; am and ren §8-19-5, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97, am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1134, 302A-1134.5)

**§8-19-7 Pag-alis sa panahon ng krisis.** (a) Ang punong-guro o itinalaga, sa isang emerhensya, ay maaaring agad na alisin sa panahon ng krisis batay sa pangunahing pagtatanong at mga natuklasan na ang pag-uugali ng estudyante ay nagpapakita ng malinaw na agarang banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o ng iba o lubhang gumagambala kung kaya’t agad na kailangang tanggalin ang estudyante upang mapanatili ang karapatan ng ibang mga estudyanteng ipagpatuloy ang pag-aaral nang malaya sa labis na pagkagambala.

(b) Sa pagpataw ng pag-alis sa panahon ng krisis, ang mga paaralan ay magsusumikap nang may mabuting layunin na agad na ipaalam ito sa magulang sa pamamagitan ng telepono.

(c) Isang follow-up na nakasulat na abiso sa pag-alis sa panahon ng krisis ang personal na ihahatid o ipapadala sa koreo sa magulang. Ang abiso ng pag-alis sa panahon ng krisis ay maglalaman ng mga sumusunod na nakasulat na pahayag:

(1) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na ginawa ng estudyante na naging basehan ng pag-alis sa panahon ng krisis;
(2) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na may patunay;
(3) Isang pahayag ng (mga) aksyon ng pagdidisiplina; at
(4) Isang pahayag sa petsa, oras, at lugar ng pagpupulong na inihandog ng adminstrasyon ng paaralan upang makipagpulong sa estudyante. Isang kopya ng abiso sa pag-alis sa panahon ng krisis ang ipapadala sa complex area manager. Bukod sa abiso sa pag-alis sa panahon ng krisis iniaatas ng subseksyong ito, susubukan ng punong-guro o itinalaga na kumpirmahin ang abiso sa pamamagitan ng pagtawag sa magulang sa telepono.

(d) Ang estudyanteng sumasailalim sa pag-alis sa panahon ng krisis ay pahihintulutang pumasok muli sa paaralan sa oras na wala na ang krisis.

(e) Hindi magpapatuloy ang pag-alis sa panahon ng krisis ng mahigit sampung araw ng pasukan, maliban kung inaprubahan ng complex area superintendent sa panahon ng apela. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-6, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

**§8-19-7.1 Imbestigasyon.** (a) Agad pagkatapos gumawa ng pag-alis sa panahon ng krisis o sa tuwing may dahilan upang maniwala ang punong-guro o itinalaga na ang estudyante ay nakibahagi sa isang aktibidad na nangangailangan ng

pagpataw ng pagsuspindi, sisimulan ng punong-guro o itinalaga ang masinsinang imbestigasyon. Ang mga reklamo ng diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully at/o paghihiganti ay sumasailalim sa mga probisyon sa pagrereklamo at imbestigasyon sa seksyon 8-19-30.

(b) Kapag nagsasagawa ng imbestigasyon, ang punong-guro o itinalaga ay magsusumikap nang may mabuting layunin nang napakaaga hangga't maaari na ipaalam sa magulang ang tungkol sa imbestigasyon ng paaralan. Kung pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagtatangka, ang punong-guro o itinalaga ay hindi nagawang makipag-ugnay sa magulang, ang paaralan ay maaaring makibahagi sa at kumpletuhin ang imbestigasyon. Kukumpletuhin ang imbestigasyon nang mabilis hangga't maaari. Kung pinili ng punong-guro na simulan ang mga pamamaraan para sa pagpataw ng malubhang pagdidisiplina bukod sa pag-alis sa panahon ng krisis, ang punong-guro o itinalaga sa pagkumpleto ng imbestigasyon, ay gagawa ng nakasulat na ulat na naglalaman ng maikling buod ng testimonya ng mga saksing nakapanayam, sinumang iba pang ebidensya, at ng (mga) dahilan ng punong-guro o itinalaga para sa pagsisimula ng mga pamamaraan ng pagdidisiplina.

(c) Ang punong-guro o itinalaga ay magbibigay sa magulang ng abiso ng mga natuklasan laban sa estudyante. Kung itinanggi ng estudyante o magulang ang (mga) paratang, ipapaalam ng punong-guro o itinalaga sa magulang at estudyante ang ebidensyang sumusuporta sa mga natuklasan ng opisyal ng paaralan. Ang estudyante o magulang ay bibigyan ng pagkakataong iharap ang bersyon ng estudyante sa insidente. [Eff at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

**§8-19-8 Pagsuspindi.** (a) Sa tuwing may dahilan upang maniwala ang punong-guro o itinalaga na ang estudyante ay nakibahagi sa isang aktibidad na nangangailangan ng pagpataw ng pagsuspindi, agad na magsasagawa ang punong-guro o itinalaga ng masinsinang imbestigasyon. Sa pagkumpleto ng imbestigasyon at mga natuklasan, maaaring masuspindi ang estudyante kung natagpuan ng punong-guro o itinalaga na ang mga natuklasan ay sinasang-ayunan. Ipapaalam ng punong-guro o itinalaga sa magulang sa paraang nakasulat ang mga natuklasan at mga aksyon ng pagdidisiplina.

(b) Kung itinanggi ng estudyante o magulang ang (mga) paratang, ipapaalam ng punong-guro o itinalaga sa estudyante at magulang kung anong ebidensya ang mayroon ang mga awtoridad ng paaralan na sumusuporta sa mga natuklasan ng opisyal ng paaralan. Ang estudyante o magulang, o pareho ay bibigyan ng pagkakataong iharap ang bersyon ng estudyante sa insidente. Ngunit, kung saan hindi maunawaan ng estudyante ang kalubhaan ng mga paratang, ang katangian ng mga paglilitis, at mga kinahinatnan nito, o nasa edad, katalinuhan o karanasan para gawing mahirap ang makabuluhang pagtalakay, hihilingin ng punong-guro o itinalaga na dumalo ang magulang upang makibahagi sa talakayan.

(c) Kung ang kabuuang bilang ng mga araw sa iisang semestre para sa mga pagsuspindi ay lumampas ng sampung araw ng pasukan, ang mga pamamaraan para sa tamang proseso sa kabanatang ito ay iaangkop maliban kung sa ibang paraan ay isinasaad ng batas.

(d) Bibigyan ang magulang ng pasalitang abiso ng anumang pagsuspindi gaano man ito katagal. Ang paunang abiso ng pagsuspindi ay sa pamamagitan ng telepono, kung maaari, at ang nakasulat na abiso ay personal na ihahatid o ipapadala sa magulang pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon. Ang abiso ng pagsuspindi ay maglalaman ng mga sumusunod na nakasulat na pahayag:

(1) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na ginawa ng estudyante na naging basehan ng pagsuspindi;
(2) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na may patunay;
(3) Isang pahayag ng (mga) aksyon ng pagdidisiplina; at
(4) Isang pahayag sa petsa, oras, at lugar ng pagpupulong na inihandog ng adminstrasyon ng paaralan upang makipagpulong sa estudyante.

Isang kopya ng abiso ang ipapadala sa complex area manager. Bukod sa abisong iniaatas ng subseksyong ito, susubukan ng punong-guro na kumpirmahin ang abiso sa pamamagitan ng pagtawag sa magulang sa telepono. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-7, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

**§8-19-9 Nararapat na proseso para sa mga pagsuspinding lumalampas ng sampung araw, paglipat na pagdidisiplina, at pagpapatalsik.** (a) Kung, sa imbestigasyon, naniniwala ang punong-guro o itinalaga na ang estudyante ay nakibahagi sa isang aktibidad na binubuo ng paglabag sa kabanatang ito, at kung inirerekomenda ng punong-guro o itinalaga na ang malubhang pagdidisiplina na bukod sa pag-alis sa panahon ng krisis ay maipataw, agad na aabisuhan ng punong-guro o itinalaga ang complex area superintendent na simulan ang mga paglilitis na pagdidisiplina sa pamamagitan ng pagkuna ng pasalitang awtorisasyon mula sa complex area superintendent.

(b) Sa pagkuha ng pasalitang awtorisasyon mula sa complex area superintendent, ang punong-guro o itinalaga ay magsusumikap nang may mabuting layunin na ipaalam sa magulang ang:
(1) Insidente sa malubhang pagdidisiplina,
(2) Pagkakataong umapela, at
(3) Na agad na ipapatupad ang aksyon ng pagdidisiplina.

(c) Sa loob ng tatlong araw ng pasukan ng pasalitang awtorisasyon mula sa complex area superintendent, ang punong-guro o itinalaga ay magpapadala ng nakasulat na abiso tungkol sa insidente ng malubhang pagdidisiplina na may form ng apela sa magulang. Isang facsimile na pirma ng o elektronikong kumpirmasyon ng pag-apruba ng complex area superintendent sa form ng insidente sa malubhang pagdidisiplina ay sapat. Ang nakasulat na abiso ng malubhang pagdidisiplina ay maglalaman ng mga sumusunod na pahayag:
(1) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na ginawa ng estudyante na naging basehan ng malubhang pagdidisiplina;
(2) Ang mga alegasyon ng mga partikular na akto na may patunay;
(3) Isang pahayag ng (mga) aksyon ng pagdidisiplina; at
(4) Isang pahayag na ang magulang ay may karapatang umapela sa complex area superintendent kung kailan maaaring magprisinta ng ebidensya ang magulang, tawagan at kwestyunin ang mga saksi, at katawanin ng abogado at sa abot na magbibigay ng nakasulat na abiso ang magulang ng legal na representasyon ng hindi bababa sa sampung araw bago ang apela.
(5) Kung magnanais ang estudyante o magulang na maghain ng apela, ang apela ay dapat isumite sa paraang nakasulat at matanggal ng complex area superintendent bago lumampas ang pagtatapos ng ikapitong araw ng tanggapan sa paaralan mula sa petsa ng pag-isyu ng abiso sa malubhang pagdidisiplina. Pahihintulutan ang estudyanteng pumasok sa paaralan ng estudyante habang nakabinbin ang apela maliban kung natagpuan ng

punong-guro na ang patuloy na presensya ng estudyante ay lumilikha ng malaking panganib sa sarili o sa iba o sa mga karapatan ng iba pang mga estudyante na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral na malaya sa pagkagambala. Ngunit, hindi makikibahagi ang estudyante sa anumang mga ekstrakurikular na aktibidad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa atletiks, paglalakbay, o club.

(d) Sa pagtanggap ng nakasulat na kahilingan para sa apela, ang complex area superintendent ay, sa loob ng sampung araw ng pasukan, mag-iiskedyul ng apela at ipapaalam sa magulang ang petsa, oras, at lugar. Ang nakasulat na apela ay ipapadala sa magulang at punong-guro o itinalaga nang hindi bababa sa labinlimang araw bago ang apela. Idaraos ang apela ng complex area superintendent o ng walang pinapanigang tauhan ng kagawaran, o ng walang pinapanigang itinalaga na maaaring isang opisyal ng kagawaran na itinalaga ng complex area superintendent. Ang apela ay idaraos gaya ng sumusunod:

(1) Sarado sa publiko ang apela maliban kung hiniling ng estudyante o magulang na ito ay isapubliko;
(2) Ang magulang at punong-guro o itinalaga ay may karapatang magprisinte ng ebidensya, kuwestyunin ang mga saksi, at magsumite ng sagot na testimonya;
(3) Ang magulang at punong-guro o itinalaga ay maaaring katawanin ng abogado;
(4) Ang complex area superintendent o ang walang pinapanigang itinalaga sa kagawaran ay hindi kailangang sundin ang mga pormal na patakaran hinggil sa ebidensya;
(5) Ang complex area superintendent o ang walang pinapanigang itinalaga sa kagawaran ay titimbangin nang walang pinapanigan ang iniharap na ebidensya;
(6) Ang magulang, sa sarili niyang gastos, ay maaaring irekord o kumuha ng kopya ng naka-take na pagrerekord ng kagawaran, o transcript ng naka-tape na pagrerekord ng kagawaran ng mga paglilitis kung hihilingan lamang para sa mga layunin ng pagrerepaso ng hukuman. Ang complex area superintendent o ang walang pinapanigang itinalaga sa kagawaran ay irerekord ang transcript o naka-tapa na pagrerekord ng mga paglilitis;
(7) Ang complex area superintendent ay, sa hindi lalampas ng pitong araw ng pasukan mula sa pagsasara ng apela, magbibigay ng desisyon sa paraang nakasulat na malinaw na nagsasaad ng (mga) aksyong gagawin at mga batayan para sa mga naturang aksyon. Ang nakasulat na desisyon ay ipapadala o personal na ihahatid sa magulang, sa abogado ng estudyanteng nasa rekord, at isang kopya sa paaralan. Kung itataguyod ang aksyon ng pagdidisiplina, tutukuyin ng complex area superintendent ang kabuuang bilang ng mga araw ng pagkasuspindi at sa loob ng mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng pagkasuspindi ay isasaalang-alang ang bilang ng mga araw ng pagkasuspindi na maaaring ginugol na.

(e) Maaaring iapela ng magulang ang desisyon sa complex area superintendent sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na abiso ng kanilang apela at isang espesipikong pahayag kung siya ay humihiling ng pagdinig sa superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas na pang-estado na tumutukoy sa mga espesipikong isyu at pangangatwiran na may sumusuportang dokumento at ebidensyang inaapela ng indibidwal. Ang nakasulat na apela ay ihahatid sa superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado sa loob ng pitong araw ng pasukan mula sa petsa ng nakasulat na desisyon ng complex area superintendent. Kung walang espesipikong kahilingan ang ginawa para sa pagdinig, ang superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado ay magbibigay ng desisyon batay sa buong rekord ng mga paglilitis

ng complex area superintendent at ng magulang na isinumite sa apela. Ang superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado ay magbibigay ng panghuling nakasulat na desisyon. Pahihintulutan ang estudyanteng pumasok sa paaralan ng estudyante habang nakabinbin ang apela maliban kung natagpuan ng complex area superintendent na ang patuloy na presensya ng estudyante ay lumilikha ng malaking panganib sa sarili o sa iba o sa mga karapatan ng iba pang mga estudyante na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral na malaya sa pagkagambala. Kung saan hindi isasama ang estudyante sa paaralan habang nakabinbin ang apela, magbibigay ng desisyon ang superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado sa loob ng dalawampu't isang araw mula sa petsa ng pagtanggap sa apela.

(f) Sa nakasulat na pagtanggap ng apela, mula sa magulang o abogado ng magulang, ang nakasulat na desisyon ng complex area superintendent at ang lahat ng dokumento at inirekord mula sa paglilitis na nakasaad sa subseksyon (d) ng seksyong ito ay ihahatid sa superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado sa loob ng sampung araw. Ang superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado ay pag-aaralan ang ebidensya at magpapasya batay sa aksyon ng pagdidisiplina sa loob ng labing-apat na araw. Ang desisyon ay personal na ihahatid o ipapadala sa koreo sa magulang o abogadong nasa rekord. Bukod dito, ipapaalam sa magulang ang karapatang magsumite ng mga nakasulat na eksepsyon sa decision at upang magprisinta ng pangangatuwiran sa superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas na pang-estado. Sa kaganapan na ang magulang ay dapat maghain ng mga nakasulat na eksepsyon para sa itatagal ng panahon ng pagpapatalsik dahil sa armas o pagbabago batay sa desisyon ng itinalaga, ang nakasulat na eksepsyon ay pakikinggan ng supentendente ng edukasyon o itinalaga sa antas na pang-estado. Ang mga nakasulat na eksepsyon at kahilingang pagprisinta ng pangangatwiran sa superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas na pang-estado ay dapat matanggap sa loob ng limang araw mula sa petsa kung kailan ibinigay ang desisyon ng superintendente ng edukasyon, itinalaga o itinalaga sa antas na pang-estado. Maaaring magsumite ang magulang ng mga nakasulat na eksepsyon at ipagpaliban ang karapatang magprisinte ng pangangatwiran; ngunit, hindi magkakaroon ng karapatang magprisinta ng pangangatwiran kung hindi muna nagsusumite ng mga nakasulat na eksepsyon. Kung nagsumite ang magulang ng mga nakasulat na eksepsyon sa oras at humiling ng karapatang magprisinte ng pangangatwiran, ang superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas na pang-estado ay, sa loob ng dalawang araw ng pasukan ng pagtanggap ng kahilingang pagprisinta ng pangangatwiran, ipapaalam sa magulang ang espesipikong petsa, oras, at lugar para iprisinta ang kanilang mga pangangatwiran. Ang petsa para sa pagprisinta ng pangangatwiran ay hindi bababa sa limang araw at hindi hihigit sa labing-apet na araw mula sa petsa ng abiso na nagpapaalam sa magulang ng espesipikong petsa, oras, at lugar para iprisinta ang kanilang mga pangangatwiran. Ipapadala ng superintendente ng edukasyon o itinalaga sa antas ng estado ang nakasulat na desisyon sa magulang o abogadong nasa rekord sa loob ng labing-apat na araw mula sa petsa ng pagprisinta ng pangangatwiran o sa kaso kung kailan ipinagpaliban ng magulang ang kanyang karapatang magprisinta ng pangangatwiran sa loob ng labing-apat na araw ng pagtanggap ng mga nakasulat na eksepsyon ng magulang. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-8, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A- 1112) (Imp: HRS §302A-1112)

**§8-19-10 Tagal ng mga aksyon ng pagdidisiplina.** (a) Kung ang aksyon ng pagdidisiplina ay hindi maipapataw bilang resulta ng proseso ng apela, ang aksyon ng pagdidisiplina ay maaaring ipagpatuloy sa susunod na taon ng pag-aaral sa anumang pampublikong paaralan at hindi kasama ang summer school.

(b) Kung ang mga akto, na nagresulta sa aksyon ng pagdidisiplina, ay ginawa sa loob ng dalawampung araw mula sa huling araw ng pagtuturo para sa mga estudyante sa taon ng pasukan, ang aksyon ng pagdidisiplina ay maaaring ipagpatuloy sa susunod na taon ng pag-aaral sa anumang pampublikong paaralan at hindi kasama ang summer school.

(c) Ang seksyong ito au hindi naaangkop sa mga paglabag na hinggil sa armas. Ang aksyon ng pagdidisiplina para sa mga paglabag hinggil sa armas ay ipinag-uutos ng hindi bababa sa isang taon.

(d) Bukod sa inilalarawan sa mga subseksyon (a) at (b), walang aksyon ng pagdidisiplina ang dapat magpatuloy nang lampas sa taon ng pag-aaral kung kailan ginawa ang aksyon. [Eff 9/1/82; ren §8-19-9, 5/23/86; comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1134)

**§8-19-11 Mga panghaliling aktibidad na pang-edukasyon at iba pang tulong kapag natagpuang lumalabag ang mga estudyante sa kabanatang ito.** (a) Titiyakin ng complex area superintendent na ipagkakaloob ang mga alternatibong aktibidad na pang-edukasyon o aktibong pakikibahagi ng mga pampubliko o pribadong ahensya gaya ng naaangkop para sa lahat ng estudyanteng inalis sa panahon ng krisis para sa panahong lalampas ng sampung araw ng pasukan o isinuspindi para sa panahong lalampas ng sampung araw ng pasukan.

(b) Para sa lahat ng estudyanteng isinuspindi ng isa hanggang sampung araw ng pasukan, ang punong-guro o itinalaga ay maaaring isaalang-alang ang pagkakaloob ng mga alternatibong aktibidad na pang-edukasyon batay sa pangangailangan ng estudyante.

(c) Ang mga administratibong patakaran ng Hawaii para sa mga estudyanteng may mga kapansanan ay iaangkop sa mga estudyanteng karapat-dapat sa ilalim ng kabanatang ito. [Eff 9/12/82; am at ren §8-19-10, 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1128)

## SUB-KABANATA 3

## MALING PAG-UUGALI NG ESTUDYANTE AT DISIPLINA SA SUMMER SCHOOL (PROGRAMA NG PAG-AARAL SA PANAHON NG TAG-INIT)

**§8-19-12 Mga aksyon ng pagdidisiplina; awtoridad.** Ang direktor o itinalaga sa summer school ay magpapataw ng aksyon ng pagdidisiplina laban sa sinumang estudyanteng pumapasok sa summer school. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS 302A-1112)

**§8-19-13 Ipinagbabawal na pag-uugali ng estudyante; mga pagkakasala sa klase.** (a) Ang sumusunod na ipinagbabawal na pag-uugali ay naaangkop sa lahat ng estudyante sa summer school sa mga oras ng summer school, sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

(1) Mga pagkakasalang Class A:

(A) Pag-atake;
(B) Pambu-bully (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
(C) Panloloob;
(D) Cyberbullying (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
(E) Mapanganib na instrumento, o substansya; pagpaparoon o paggamit nito;
(F) Mga mapanganib na sandata; pagkakaroon, o paggamit nito;
(G) Parapernalya ng droga; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(H) Pangingikil;
(I) Pakikipag-away;
(J) Mga sandata; pagkakaroon o paggamit nito;
(K) Panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 9-12);
(L) Pagpaslang;
(M) Mga ipinagbabawal na gamot; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(N) Mga nakakalangong substansya; pagkakaroon, paggamit, o pagbebenta nito;
(O) Pagsira sa ari-arian o bandalismo;
(P) Pagnanakaw;
(Q) Sekswal na pag-atake;
(R) Sekswal na pananamantala;
(S) Sekswal na panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang 5-12);
(T) Palihim na pagsunod at pagmamanman; o
(U) Panteroristang pagbabanta.

(2) Mga pagkakasalang Class B:

(A) Pambu-bully (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(B) Cyberbullying (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(C) Diskriminasyon;
(D) Panggugulo;
(E) Maling babala;
(F) Pagpapalsipika;
(G) Pagsusugal;
(H) Panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-8);
(I) Hazing;
(J) Mga hindi naaangkop o kwestyonableng paggamit, o pareho ng mga materyal sa internet o kagamitan o pareho;
(K) Paghihiganti;
(L) Sekswal na panghaharas (para sa mga estudyanteng nasa mga baitang K-4);
(M) Pagnanakaw; o
(N) Trespassing (Pagpasok nang walang pahintulot).



3352

(3) Mga pagkakasalang Class C:
   (A) Mapang-abusong lenggwahe;
   (B) Pambubulakbol;
   (C) Hindi pagsunod;
   (D) Laser pen/laser pointer; pagkakaroon o paggamit nito;
   (E) Pag-alis sa kampus nang walang pahintulot;
   (F) Paninigarilyo o paggamit ng mga substansyang tabako; o
   (G) Pambubulakbol.

(4) Mga pagkakasalang Class D:
   (A) Mga kontrabando; pagkakaroon o paggamit nito;
   (B) Maliliit na problema sa pag-uugali; o
   (C) Iba pang mga tuntunin sa paaralan.

(b) Mga pagkakasalang Class C at D: Ang sinumang estudyante sa summer school na nakagawa ng dalawa o alinman sa pagkakasalang C o D gaya ng nakasaad sa seksyon 8-19-6 sa kurso ng summer school ay tatanggap ng babala sa unang pagkakasala at maaaring mapaalis sa summer school para sa pangalawang pagkakasala.

(c) Ang sinumang estudyanteng nakagawa ng pagkakasalang class A o class B ay paaalisin sa summer school. Aabisuhan ng direktor o itinalaga ng summer school at makikipagpulong sa estudyante o magulang bago ang pagpapaalis sa summer school. Ang direktor ng summer school ay maghahain ng ulat sa complex area superintendent at magbibigay ng kopya sa magulang.

(d) Ang direktor o itinalaga sa summer school, sa isang emerhensya, ay maaaring magpataw ng agarang pangkrisis na pagtanggal sa estudyante pagkatapos matagpuan na ang pag-uugali ng estudyante ay nagpapakita ng malinaw na agarang banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o ng iba o lubhang gumagambala kung kaya't agad na kailangang tanggalin ang estudyante upang mapanatili ang karapatan ng ibang mga estudyanteng ipagpatuloy ang pag-aaral nang malaya sa labis na pagkagambala. Ipapaalam ng direktor o itinalaga ng summer school at makikipagpulong sa estudyante o magulang bago ang pagbabalik ng estudyante sa summer school. Walang estudyante ang ibabalik nang walang pagpupulong. Ang direktor o itinalaga sa summer school ay maghahain ng ulat sa complex area superintendent at magbibigay ng kopya sa magulang. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

## SUB-KABANATA 4

## MGA PAGHAHANAP AT PAGKUMPISKA SA PAARALAN

**§8-19-14 Patakaran sa pagbubukas at inspeksyon sa mga locker ng estudyante.** Ang mga locker ng paaralan na ibinibigay sa mga estudyante sa kampus ay sumasailalim sa pagbubukas at inspeksyon (at eksternal na pag-amoy ng aso) ng mga opisyal ng paaralan sa anumang oras, mayroon man o walang dahilan, maliban kung ang mga paghahanap ay hindi dahil sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pagkakakilalan at pagpapahayag ng kasarian, relihiyon, kapansanan, o sekswal na oryentasyon. Hindi maiaangkop ang section 8-19-15 sa pagbubukas o inspeksyon (at mga eksternap na pag-amoy ng aso) sa mga locker ng estudyante. Wala sa mga restriksyon sa mga seksyon 8-19-15 hanggang 8-19-18 o kaugnay ng mga

pangkalahatang paghahanap at pagkumpiska sa paaralan ang sa anumang paraan ay mauunawaan na lumilikha ng inaasahan sa pagkapribado sa mga locker ng estudyante. Dapat ipagpalagay ng mga estudyante na ang kanilang mga locker ay sumasailalim sa pagbubukas at inspeksyon (at mga eksternal na pag-amoy ng aso) sa anumang oras mayroon man o walang dahilan. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)]

**§8-19-15 Patakaran sa pangkalahatang paghahanap at pagkumpiska sa paaralan.** Maliban kung gaya ng nakasaad sa seksyon 8-19-14 tungkol sa mga locker ng estudyante, ang mga estudyante ay may responsableng inaasahan sa pagkapribado sa kanilang sarili sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Ang mga paaralan ay may kapantay na lehitimong pangangailangang magpanatili ng kaayusan at kapaligiran kung saan maaaring isagawa ang pag-aaral. Sa pagtugon sa lehitimong pangangailangan na ito, paminsan-minsan ay maaaring magsagawa ang mga opisyal ng paaralan ng mga paghahanap at pagkumpiska sa kampus o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Bilang pangkalahatang patakaran, maliban kung nakasaad sa seksyon 8-19-14 tungkol sa mga locker ng estudyante, ang mga paghahanap at pagkumpiska ay pinahihintulutan kung may mga makatwirang batayan upang maghinala, batay sa mga kalagayan na ang paghahanap ay naglalabas ng ebidensya na nilabag o nilalabag ng estudyante o mga estudyante ang batas o ang pag-uugali ng estudyante na pinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito. Ang mga paghahanap at pagkumpiska na isinasagawa ng mga opisyal ng paaralan ay susunod sa mga probisyon sa sub-kabanatang ito. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)]

**§8-19-16 Awtoridad.** Maliban kung gaya ng nakasaad sa seksyon 8-19-14 tungkol sa mga locker ng estudyante, maaaring maggalugad sa ari-arian kung may mga makatuwirang batayan upang maghinala, batay sa mga kalagayan na ang paghahanap ay makakapaglabas ng ebidensya na ang estudyante o mga estudyante, o iba pa sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay lumabag sa batas o mga probisyon ng kabanatang ito. Ang opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng paghahanap ay sasamahan ng iba pang opisyal ng paaralan na nagsisilbi bilang saksi, maliban kung ito ay isang emerhensya kung saan kailangan ang agarang aksyon upang maprotektahan ang kalusugan o kaligtasan, o pareho ng sinumang tao o mga tao. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

**§8-19-17 Mga kondisyon kung saan maaaring ipatupad ang mga pangkalahatang paghahanap at pagkumpiska sa paaralan.** (a) Maliban kung nakasaad sa seksyon 8-19-14 tungkol sa mga locker ng estudyante, ang mga paghahanap at pagkumpiska ay maaaring isagawa ng mga opisyal ng paaralan kapag natugunan na ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

(1) Kung sa panahon ng pananaliksik ay mayroong mga makatuwang batayan upang maghinala batay sa mga kalagayan na ang paghahanap ay maglalabas ng ebidensya na ang estudyante o mga estudyante ay lumabag sa batas o mga probisyong ipinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito.
(2) Ang bagay kung saan isinagawa ang paghahanap ay makatwirang nauugnay sa layunin ng paghahanap.
(3) Ipapaalam sa estudyanteng sasailalim sa paghahanap ang layunin ng paghahanap at bibigyan ng pagkakataong boluntaryong ipaubaya ang ebidensyang hinahanap ng opisyal ng paaralan.

(b) Ipapaalam sa punong-guro o itinalaga sa paaralan ng opisyal ng paaralan na magsasagawa ng paghahanap na ang paghahanap ay isasagawa at para sa layunin ng paghahanap maliban kung ito ay isang emerhensya kung saan kailangan ang agarang aksyon upang maprotektahan ang kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao.

(c) Kung mahigit sa isang estudyante ang pinaghihinalaang lumalabag, kung gayon, kung praktikal ay hindi isang panganib sa kalusugan o kaligtasan, ang opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng pananaliksik ay magsisimula sa estudyanteng pinaka-pinaghihinalaang may hawak ng hinahanap sa paghahanap. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §§302A-1112, 703-309(2)) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3, HRS §§302A-1101, 302A-1112, 703-309(2))

**§8-19-18 Mga ipinagbabawal na paghahanap at pagkumpiska.** Maliban kung nakasaad sa seksyon 8-19-14 tungkol sa mga locker ng estudyante:

(1) Ipinagbabawal ang mga basta-bastang paghahanap.
(2) Ipinagbabawal ang mga strip search.
(3) Ang opisyal ng paaralan ay hindi magsasagawa ng pananaliksik na nangangailangan ng pagdaiti sa katawan ng estudyante maliban kung ang naturang paghahanap ay kailangan upang maiwasan ang pinsala sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao.
(4) Sa panahon ng paghahanap, ipinagbabawal ang paggamit ng puwersa laban sa estudyante maliban kung naniniwala ang opisyal ng paaralan na ang puwersang gagamitin ay kailangan upang maiwasan ang pinsala sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao o kung saan pisikal na tumututol ang estudyante sa paghahanap.
(5) Ang paghahanp na isinasagawa sa ilalim ng mga probisyon ng sub-kabanatang ito ay magiging limitado sa bagay o mga bagay na para kung saan isinasagawa ang paghahanap. Ngunit, ang anumang iba pang bagay na naobserbahan sa panahon ng pananaliksik ay maaaring kumpiskahin ng opisyal ng paaralan kapag ang pagkakaroon ng bagay na iyon ay isang paglabag sa batas o sa mga probisyon sa kabanatang ito, o kapag ang hindi pagkumpiska ay maaaring maging banta sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng tao o mga tao, kabilang ang opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng pananaliksik. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

## SUB-KABANATA 5

## PAG-UULAT NG MGA PAGKAKASALA

**§8-19-19 Pag-uulat ng mga pagkakasalang class A at class B na nangyayari sa paaralan.** (a) Ang sinumang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran na saksi sa pagkakasalang class A o class B gaya ng inilalarawan sa kabanatang ito, o may makatwirang dahilan upang maniwalang ang pagkakasalang class A o class B ay gumawa o gagawa, laban sa isang estudyante, guro, o opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran, kabilang ang ari-arian ng paaralan, ay dapat na agad iulat ang insidente sa punong-guro o itinalaga. Wala sa subseksyong ito ang mauunawaang nagbabawal o pumipigil sa isang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran na mag-ulat ng mga pagkakasalang class C o class D sa punong-guro o itinalaga.

(b) Sa pagtanggap ng ulat hinggil sa pagkakasalang class A o class B, ang punong-guro o itinalaga ay magsasagawa ng imbestigasyon upang malaman kung ang pag-uugali ay nangangailangan ng direktang pagtawag sa pulis o kung ang pag-uugali ay mapangangasiwaan sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng pagdidisiplina ng paaralan. Ang punong-guro o itinalaga ay tatawag ng pulus kapag mayroong nahihinuhang panganib at ang pag-uugali ay hindi mapapangasiwaan ng mga tauhan ng paaralan.

(c) Itatala ng punong-guro o itinalaga ang impormasyon hinggil sa insidente sa elektronikong database system ng kagawaran sa loob ng limang araw ng pasukan ng iniulat na pagkakasala.

(d) Aabisuhan ng punong-guro o itinalaga ang nag-uulat na guro, opisyal, o iba pang itinalaga, ng aksyon ng pagdidisiplina, kung mayroon man, na gagawin sa (mga) uri ng pagkakasala sa loob ng limang araw ng pasukan pagkatapos maiulat ang insidente alinsunod sa subseksyon (C).

[Eff 9/1/82; am at ren §8-19-11, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

**§8-19-20 Walang pananagutan sa pag-uulat ng mga pagkakasala.** Sinumang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran na sa mabuting layunin ay iniuulat nang ayon sa iniaatas sa ilalim ng §8-19-19 ay palalayain sa pananagutan at iaabsuweldo alinsunod sa seksyon 302A-1003, Mga Binagong Batas ng Hawaii. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-12, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1003) (Imp: HRS §302A-1112, 302A-1003)

**§8-19-21 Hindi pag-uulat ng mga pagkakasalang class A at class B na nangyayari sa paaralan; mga kahihinatnan.** (a) Ang superintendente ng edukasyon ay gagawa ng taunang nakasulat na abiso sa lahat ng paaralan at tanggapan na ang hindi pag-uulat ng mga pagkakasalang class A o mga pagkakasalang class B na nangyayari sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng aktibidad o kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay maaaring magresulta sa mga aksyon ng pagdidisiplina laban sa mga responsableng guro, opisyal, o iba pang mga empleyado ng kagawaran. Maaaring maging kabilang sa mga aksyon ng pagdidisiplina ang:

(1) Pasalitang babala;
(2) Nakasulat na babala;

(3) Pagkasuspindi nang walang bayad;
(4) Demosyon; o
(5) Pagpapatalsik.

(b) Ang mga guro, opisyal, o iba pang mga empleyado ng kagarawang hindi nakapag-ulat ng mga pagkakasala gaya ng iniaatas sa seksyon 8-19-19 ay maaaring madisiplina alinsunod sa mga regulasyon at pamamaraan ng kagawaran.

(c) Ang sinumang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran na dinisiplina dahil sa hindi pag-uulat ng mga pagkakasalang class A o mga pagkakasalang class B na nagyayari sa kampus, o ibang mga pasilidad ng kagawaran, sa transportasyon ng kagawaran, o sa panahon ng kaganapang inisponsor ng kagawaran sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay magkakaroon ng karapatang iapela ang aksyon ng pagdidisiplina nang ayon sa nakasaad sa batas ng estado o mga regulasyon at pamamaraan ng kagawaran o naaangkop na mga kasunduang panlahat. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-13, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; am at comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

SUB-KABANATA 6

MGA INTEROGASYON NG PULIS AT
PAG-ARESTO

**§8-19-22 Mga interogasyon ng pulis sa paaralan para sa mga pagkakasalang nauugnay sa paaralan.** (a) Maaaring pumunta ang mga opisyal ng pulisya sa paaralan upang magtanong sa estudyante. Sa pagdating sa paaralan, ang opisyal ng pulisya ay ididirekta sa punong-guro o itinalaga upang humingi ng pahintulot na magtanong sa estudyante. Kung mabibigyan ng pahintulot na tanungan ang estudyante, ang punong-guro o itinalaga ay magsusumikap nang may mabuting layunin na ipaalam sa magulang ang tungkol sa pagtatanong ng pulis at ang karapatang dumalo sa panahong isasagawa ang pagtatanong. Ang pagtatanong ay maaaring isagawa kung ang punong-guro o itinalaga ay hindi maipapaalam sa magulang o kung ipinaalam sa magulang at dumanggi itong dumalo, o kung pagkatapos ng makatwirang haba ng panahon pagkatapos maibigay ang abiso, hindi nakadalo ang magulang sa paaralan para sa pagtatanong ng pulis.

(b) Ang punong-guro o itinalaga ay dadalo sa panahon ng pagtatanong ng pulis maliban kung hindi maisama ng opisyal ng pulisya.

(c) Kung naaresto ang estudyante, ang punong-guro o itinalaga ay susunod sa mga pamamaraang nakasaad sa seksyon 8-19-24. [Eff 9/1/82; am at ren §8- 19-14, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

**§8-19-23 Mga interogasyon ng pulis sa paaralan para sa mga pagkakasalang hindi nauugnay sa paaralan.** (a) Ang mga opisyal ng pulisya ay makikipag-ugnay sa paaralan at papayuhan ang punong-guro o itinalaga ng tungkol sa katangian at mga sirkumstansya ng pagbisita. Sa pagdating sa paaralan, ang opisyal ng pulisya ay ididirekta sa punong-guro o itinalaga upang humingi ng pahintulot na magtanong sa estudyante.

(b) Bago ang anumang pagtatanong, ipapaalam ng punong-guro o itinalaga sa magulang ang karapatang dumalo habang isinasagawa ang pagtatanong ng pulis. Maaaring isagawa ang pagtatanong pagkatapos makuha ang pasalitang pahintulot ng magulang. Ang mga iniaatas sa pag-aabiso at pahintulot sa subseksyong ito ay hindi susundin kung ang katangian ng pagtatanong ay kinapapalooban ng pang-aabuso sa bata o iba pang mga pagkakasala kung saan ang magulang o miyembro ng sambahayan ay pinaghihinalaang gumagawa ng pagkakasala laban sa estudyante.

(c) Ang punong-guro o itinalaga ay magpapanatili ng tala at rekord ng pangalan ng estudyante, petsa ng pagtatanong ng pulis, at pangalan at numero ng badge ng pulis at ulat ng pulis kung mayroon.

(d) Kung naaresto ang estudyante ng pulis, ang punong-guro o itinalaga ay susunod sa pamamaraang nakasaad sa seksyon 8-19-24. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-15, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

**§8-19-24 Mga pag-aresto ng pulis sa paaralan.** Ididirekta ang pulis sa punong-guro o itinalaga. Kapag posible, ihahatid ang estudyante sa tanggapan ng punong-guro para ipatupad ng opisyal ng pulisya ang nakabinbing pag-aresto. Sa pagdating ng pulis upang arestuhin ang estudyante, magsusumikap nang may mabuting layunin ang punong-guro o itinalaga na ipaalam ito sa magulang. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-16, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Saligang Batas ng Hawaii Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

## SUB-KABANATA 7

## RESTITUSYON PARA SA BANDALISMO

**§8-19-25 Pananagutan para sa bandalismo.** (a) Kapag ang sinumang estudyante ay natagpuang may pananagutan sa akto ng bandalismo laban sa anumang gusali, pasilidad, o bakuran ng pampublikong paaralan, gagawin ang restitusyon ng estudyante o mag-aaral. Hindi magkakaroon ng restitusyon kapag hindi napatunayan na ang bandalismo ay ginawa ng estudyante.

(b) Sa kabila ng mga probisyon sa kabanatang ito, maaaring piliin ng Estado na gumawa ng anumang naaangkop na aksyon para mabawi ang mga pagkasira sa mga ari-arian ng paaralan.

(c) Kung didisiplinahin ang estudyante para sa akto ng bandalismo sa ilalim ng kabanatang ito, ang mga pamamaraan ng restitusyon ay sisimulan lamang pagkatapos makumpleto ang mga pamamaraan ng pagdidisiplina sa kabanatang ito at ang punong-guro o itinalaga na nagsasagawa ng imbestigasyon ay may dahilan upang maniwalang nilabag ng estudyante ang mga probisyon sa kabanatang ito. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1153)

**§8-19-26 Mga pamamaraang naaangkop sa bandalismo.** (a) Sa tuwing ang punong-guro o itinalaga ay may dahilan upang maniwalang maaaring may pananagutan ang estudyante para sa akto ng bandalismo laban sa anumang gusali, pasilidad o bakuran ng pampublikong paaralan, agad na sisimulan ng punong-guro o itinalaga ang imbestigasyon.

(b) Kung ang bandalismo ay isang akto kung saan sumasailalim ang estudyante sa aksyon ng pagdidisiplina sa ilalim ng kabanatang ito, dapat isama ng punong-guro o itinalaga, bilang bahagi ng imbestigasyon ang iniaatas sa ilalim ng mga seksyon 8-19-7, 8-19-8, 8-19-9, and 8-19-10, ang pagpapasya sa mga katotohanan at pagkakataong sumusuporta sa restitusyon sa ilalim ng sub-kabanatang ito. Ipagpapaliban ang karagdagang aksyong nauugnay sa restitusyon hanggang sa mapagpasyahan ang aksyon ng pagdidisiplina at maiangkop ang lahat ng pamamaraan sa apela.

(c) Kung pagkatapos ng imbestigasyon ay may dahilan ang punong-guro o itinalaga upang maniwala na ang estudyante ay may pananagutan sa bandalismo, mag-iiskedyul ang punong-guro at itinalaga ng isang pakikipagpulong sa estudyante at magulang. Ang pagpupulong ay dadaluhan lamang ng punong-guro, itinalaga, estudyante, at magulang.

(d) Gagawa ng paunang nakasulat na abiso hinggil sa pagpupulong sa mga form ng departamento na ihahatid sa pamamagitan ng koreo sa magulang. Walang estudyante o magulang ang aatasang gumawa ng restitusyon sa anumang paraan maliban kung ang magulang ay naabisuhan at nabigyan ng pagkakataong mapakinggan. Ipapaalam ng abiso sa magulang ang mga natuklasan at ang petsa, oras, at lokasyon ng pagpupulong. Ang abiso ay ipapadala ng hindi bababa sa labinlimang araw bago ang petsa ng pagpupulong. Kapag kailangang maisakatuparan ang mabisang komunikasyon, ang abiso ay ibibigay sa katutubong wika ng magulang. Maaaring gumamit ang paaralan ng iba pang mga pamamaraan ng komunikasyon, gaya ng sa telepono upang maidagdag sa nakasulat na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at magulang.

(1) Kailangang sumagot ng magulang sa abiso sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng abiso.

(2) Ang petsa ng pagpupulong na nakasaad sa abiso ay maaaring muling iiskedyul kung ang magulang ng estudyante ay nakipag-ugnay sa paaralan upang magsaayos ng panibagong petsa ng pagpupulong. Ang kahilingan upang muling iiskedyul ang pagpupulong ay gagawin sa loob ng pitong araw ng petsa ng abiso.

(3) Ang pagpupulong at isang hindi pormal na kasunduan ang maaaring mapagkasunduan sa mga kaso kung saan ang mga pagkasira ay hindi lalampas ng $3,500. Kung humantong sa kasunduan, isang nakasulat na kasunduan para sa restitusyon ang maaaring ipatupad sa pagitan ng magulang at paaralan. Isang nakasulat na kasunduan ang maaari lamang ipatupad kung ang mga pagkasira ay hindi lalampas ng $3,500.

(e) Kung hindi nakasagot ang magulang sa abiso sa loob ng limit ng panahon, ang punong-guro o itinalaga ay maaaring:

(1) Muling mag-iskedyul ng petsa ng pagpupulong kung nalaman ng punong-guro o itinalaga na may mabuting dahilan sa hindi pagsagot o kung ito ay nasa pinakamabuting interes ng paaralan o estudyante; o

(2) Ipaalam sa magulang sa paraang nakasulat na ibinigay ang abiso para sa isang pagkakataong mapakinggan sa pagpupulong kasama ang punong-guso o itinalaga, at dahil sa hindi pagsagot sa abiso, ipapaalam ang bagay na ito sa complex area superintendent ng punong-guro o itinalaga para sa karagdagang aksyon.

(f) Maaaring isagawa ang pagpupulong sa mga sumusunod na paraan:

(1) Ang mga panig na dadalo sa pagpupulong ay magiging punong-guro o itinalaga, estudyante, at magulang. Maliban sa punong-guro o itinalaga ng paaralan kung saan nangyari ang bandalismo, estudyante, at magulang,

wala nang iba pa ang pahihintulutang dumalo sa pagpupulong para sa anumang dahilan.

(2) Sa pagpupulong, ang punong-guro o itinalaga ng paaralan kung saan nangyari ang bandalismo ay maghaharap ng mga natuklasan sa imbestigasyon at mga iniaatas na restitusyon.

(3) Kung sumang-ayon ang estudyante o magulang sa halaga at paraan kung saan gagawin ang restitusyon, ang punong-guro o itinalaga, ang estudyante at ang magulang ay ipapatupad ang nakasulat na kasunduan sa mga form ng departamento na magsasaad sa paraan kung saan gagawin ang restitusyon at sa loob ng panahon kung kailan makukumpleto ang restitusyon, sa kondisyong ang mga pagkasira ay hindi lalampas ng $3,500. Gagawin ang restitusyon sa anumang paraan, kabilang ang restitusyon sa anyo ng pananalapi ng estudyante at magulang. Kung ang mga pagkasira ay lumampas ng $3,500, ang bagay na ito ay ihahatid sa complex area superintendent na magsasangguni ng bagay na ito sa attorney general para sa karagdagang aksyon.

(4) Kapag nakumpleto na ang restitusyon, ang lahat ng rekord at dokumento tungkol sa imbestigasyon at kumperensya ay pananatilihin sa paaralan ng tatlong taon. Walang impormasyon tungkol sa imbestigasyon, pagpupulong at mga aksyong gagawin ang ipapaalam sa sinumang taong hindi direktang kabahagi sa mga paglilitis.

(5) Kung ipinatupad ang nakasulat na kasunduan at ang magulang o estudyante ay hindi nakasunod sa mga tuntunin ng kasunduan, maaaring ihatid ng punong-guro o itinalaga ang bagay na ito sa complex area superintendent. Pag-aaralan ng complex area superintendent ang bagay na ito at gagawa ng naaangkop na aksyon na maaaring kabilangan ng pagsangguni sa attorney general para sa higit pang aksyon.

(6) Kung hindi sumasang-ayon ang estudyante at magulang sa mga natuklasang ginawa ng punong-guro o itinalaga, ipapadala ng punong-guro o itinalaga ang lahat ng rekord at dokumento tungkol sa imbestigasyon at pagpupulong, at iuulat ang mga natuklasan at kalagayan ng bagay na ito sa complex area superintendent na pag-aaralan ang bagay na ito at gagawa ng naaangkop na aksyon na maaaring kabilangan ng pagsangguni ng bagay na ito sa attorney general para sa karagdagang aksyon. Kung ang mga pagkasira ay lumampas ng $3,500, ang bagay na ito ay isasangguni sa attorney general para sa karagdagang aksyon. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09; comp **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1153)

**§8-19-27 IPINAWALANG-BISA [R 2/22/01]**

**§8-19-28 IPINAWALANG-BISA [R 2/22/01]**

**§8-19-29 IPINAWALANG-BISA [R 2/22/01]**

SUB-KABANATA 8

PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO AT IMBESTIGASYON SA DISKRIMINASYON, PANGHAHARAS (KABILANG ANG SEKSWAL NA PANGHAHARAS), PAMBU-BULLY AT/O PAGHIHIGANTI

**§8-19-30 Pamamaraan sa pagrereklamo.** (a) Ang kagawaran ay gagawa ng mga agaran at naaangkop na hakbang para patigilin ang anumang diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), o pambu-bully laban sa estudyante, kabilang ang mga batay sa pinoprotektahang uri gaya ng nakasaad sa seksyon 8-19-2, para maiwasan ang muling pangyayari at upang maremedyuhan ang mga epekto ng diskriminasyon sa nagrereklamo/biktima o iba pa, kung naaangkop.

(b) Ang mga reklamo tungkol sa hindi naaangkop na pag-uugali o nagmumula sa mga alegasyong napapailalim sa kabanatang ito ay maaaring ihain sa anumang oras ng:

(1) Mga estudyanteng nakakaranas ng diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti;
(2) Mga estudyanteng nakakasaksi sa diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti laban sa ibang estudyante;
(3) Mga magulang, legal na tagapag-alaga, kinatawang pang-edukasyon, o indibidwal na may power of attorney na alam ang tungkol sa o nakasaksi ng diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti laban sa isang estudyante; o
(4) Mga empleyado, tauhan, o boluntaryong nakakasaksi o alam ang tungkol sa diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti laban sa estudyante.

(c) Ang mga reklamong nagsasaad diumano ng mga paglabag sa kabanatang ito ay gagawin gamit ang Form ng Reklamo ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng Titulo 8, Kabanata 19 ng mga Pang-administratibong Tuntunin ng Hawaii, at ang reklamo ay maaaring ihain sa anumang oras. Ang mga indibidwal na walang access sa o ninanais na huwag gamitin ang Form ng Reklamo ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng Titulo 8, Kabanata 19 ng mga Pang-administratibong Tuntunin ng Hawaii, ay maaaring magsampa ng reklamo, sa kabila nito, sa paraang nakasulat o pasalita, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sumusunod na impormasyon:

(1) Ang pangalan ng tagasagot o sapat na paglalarawan sa tagasagot upang malaman ang pagkakakilanlan;
(2) (Mga) petsa kung kailan ang sinasabing diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti ay diumano nangyari;
(3) Isang makatotohanang paglalarawan ng kung paano ang diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti ay diumano nangyari at ang pinoprotektahang basehan ng reklamo, kung mayroon;
(4) Paglalarawan ng pinsala o kapahamakan, kung mayroon; at
(5) Mga kalakip, kung mayroon, na nagdodokumento ng nasabing pag-uugali.

(d) Ang mga nakasulat na reklamo ay maaaring ibigay sa sinumang guro o tauhan, punong-guro, pangalawang punong-guro, complex area superintendent, o ng Civil Rights Compliance Branch. Ang mga pasalitang reklamo ay maaaring gawin nang personal o sa telepono sa sinumang guro o tauhan, punong-guro, pangalawang punong-guro, complex area superintendent, o ng Civil Rights Compliance Branch.



3352

(e) Ang punong-guro o itinalaga o complex area superintendent, sa pagsangguni sa Civil Rights Compliance Brance, ay tatasahin ang reklamo para malaman kung ang mga makatotohanang alegasyon ay nagsasabi diumano ng sapat na masasabing diskriminasyon, panghaharas (kabilang ang sekswal na panghaharas), pambu-bully, o paghihiganti. Ang mga reklamong hindi napapailalim sa sub-kabanata ay ipaparating sa naaangkop na tanggapan o administrador para mapag-aralan.

(f) Kapag naihain ang reklamo, ang punong-guro o itinalaga ay:

(1) Agad na sisimulan ang imbestigasyon alinsunod sa seksyon 8-19-31; o

(2) Kung maituturing na naaangkop, hahandugan ang mga panig ng oportunidad na resolbahin ang reklamo sa hindi pormal na paraan bago magsimula ang anumang pormal na imbestigasyon. Ang hindi pormal na prosesong ito ay gagamitin lamang kung ang mga panig ay kusang-loob na sumang-ayong makibahagi. Ang mga panig ay hindi inaatasang direktang resolbahin nila mismo ang reklamo. Sa oras na masimulan ang hindi pormal na proseso, ang bawat panig ay may karapatang wakasan ang hindi pormal na proseso sa anumang oras, na magreresulta sa pagsisimula ng pormal na proseso ng imbestigasyon.

Ang hindi pormal na resolusyon ay hindi naaangkop sa mga kaso kung saan:

(1) sapat ang kalubhaan ng alegasyon na mukhang inilalagay nito ang nagrereklamo/biktima o sinumang iba pang tao sa pisikal na panganib;

(2) ang insidente ay nagresulta sa kriminal na kaso;

(3) ang insidente ay nagresulta sa referral na pulisya o Child Welfare Services;

(4) ang reklamo ay kinapapalooban ng alegasyon ng malubha, paulit-ulit o laganap na pambu-bully o iba pang malubhang uri ng diskriminasyon;

(5) may nakabinbing imbestigasyon laban sa tagasagot;

(6) may layunin at kitang-kitang kawalan ng balanse sa kapangyarihan sa pagitan ng mga panig; o

(7) sa ibang paraan, ang imbestigasyon ay naaangkop sa mga kalagayan.

Kung hindi naaangkop ang hindi pormal na resolusyon, o kung ang mga panig ay hindi makakaabot sa resolusyon, isang imbestigasyon ay sisimulan ng punong-guro o itinalaga alinsunod sa seksyon 8-19-31.

(g) Ang parehong panig ay maaaring gumawa ng kahilingan para sa mga agarang interbensyon ng punong-guro, sinumang pangalawang punong-guro, complex area superintendent, o Civil Rights Compliance Branch. Ang punong-guro o itinalaga ay maaaring magtatag ng mga agarang interbensyon nang walang kahilingan, kung itinuring nila ang mga itong hindi naaangkop. Ang mga agarang interbensyon ay ituturing ng punong-guro o itinalaga, sa pagsangguni sa Civil Rights Compliance Branch, at kung napagpasyahang kailangan ang mga agarang interbensyon, ipapatupad ng punong-guro o itinalaga ang mga agarang interbensyon. Titiyakin ng Civil Rights Compliance Branch na isinasagawa ang mga agarang interbensyon. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng mga agarang interbensyon ay maaaring ituring na hiwalay na paglabag na maaaring magresulta sa hiwalay na imbestigasyon, mga natuklasan, at pagpapasya. [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1101, 302A-1112; 5 U.S.C. §301, 42 U.S.C. §2000d at kasunod., 34 C.F.R. §100.9; 34 C.F.R. §101.11)

**§8-19-31 Imbestigasyon.** (a) Kapag may isinagawang reklamo, ang punong-guro o itinalaga ay magtatalaga ng walang pinapanigang imbestigador sa antas ng paaralan ("imbestigador") para magsagawa ng masinsinan at walang pinapanigang imbestigasyon. Sa oras na masimulan ang imbestigasyon, ang punong-guro o itinalaga ay magsusumikap nang may mabuting layunin nang napakaaga hangga't maaari na ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa imbestigasyon. Kung pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagtatangka, ang punong-guro o itinalaga ay hindi nagawang



3352

makipag-ugnay sa magulang, ang imbestigador ay maaaring makibahagi sa at kumpletuhin ang imbestigasyon.

Ang nagrereklamoa/biktima at tagatugon ay pahihintulutang magbigay ng mga pangalan ng mga saksi na pinaniniwalaan nilang may impormasyong nauukol sa reklamo at magbigay ng ebidensyang pinaniniwalaan nilang nauukol sa reklamo.

(b) Sa oras na makuha ng imbestigador ang kinakailangang nauukol na impormasyon at mga dokumento, susuri at isasadokumento ng imbestigador ang nakuhang ebidensya, bibigyan ng ebalwasyon nang walang pagkiling ang kredibilidad ng mga panig at sakso, pagsasama-samahin ang lahat ng nakuhang ebidensya, kabilang ang nagsasangkot at nagpapalayang ebidensya, at isinasaalang-alang ang mga katangi-tanging kumplikadong kalagayan ng bawat kaso. Sa oras na makumpleto iyon, ihahanda ng mga imbestigador ang mga natuklasang katotohanan at pagpapasyahan ang anumang naaangkop na aksyong kailangang isagawa para mawakasan ang anumang diskriminasyon, panghaharas, pambu-bully, o paghihiganti at maiwasan ang muling pangyayari at maremedyuhan ang mga epekto nito sa nagrereklamo/biktima at komunidad ng kagawaran. Ihahatid ng imbestigador ang kanilang mga natuklasan sa punong-guro o itinalaga, na magpapasya kung ang mga katotohanan ay binubuo ng ipinagbabawal na pag-uugali ng estudyante sa ilalim ng seksyon 8-19-6(a) o 8-19-13(a). Anumang mga aksyon ng pagdidisiplina ay sasailalim sa mga probisyon ng mga seksyon 8-19-5 hanggang 8-19-13, kung naaangkop, kabilang ang karapatang umapela.

(c) Sa pagtatapos ng imbestigasyon, ang punong-guro o itinalaga, sa pagsangguni sa Civil Rights Compliance Branch, at pagpapasyahan kung ang anumang mga remedyo ay ibibigay sa sinumang indibidwal na sangkot sa imbestigasyon. Kung napagpasyahang magbigay ng mga remedyo, ang prinsipal o itinalaga ay ipapatupad ang mga remedyo. Ang nagrereklamo/biktima ay bibigyan ng nakasulat na abiso sa kung ang mga alegasyon ay napatunayan, sa kinalabasan ng imbestigasyon, anumang mga remedyong ibinigay, at anumang iba pang mga aksyong isinagawa ng kagawaran na direktang nauugnay sa nagrereklamo/biktima. Ang tagasagot ay bibigyan ng nakasulat na abiso sa kung ang mga alegasyon ay napatunayan, sa kinalabasan ng imbestigasyon, anumang mga remedyong ibinigay, at anumang iba pang mga aksyong isinagawa ng kagawaran na direktang nauugnay tagasagot.

(d) Ang imbestigador ay hihingi ng kumpletong imbestigasyon sa loob ng limang araw ng pasukan mula sa petsang itinalaga ang imbestigasyon sa bagay na iyon. Kung ang imbestigasyon ay aabutin nang mas matagal sa limang araw, aabisuhan ng imbestigador ang mga panig tungkol sa pagkaantala sa paraang nakasulat, magbibigay ng mga dahilan para sa pagkaantala, at haba ng karagdagang panahong kailangan para kumpletuhin ang imbestigasyon. [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1101, 302A-1112; 5 U.S. C. §301, 42 U.S.C. §2000d at kasunod, 34 C.F.R. §100.9; 34 C.F.R. §101.11)

**§8-19-32 Patuloy na imbestigasyon.** Iimbestigahan ng kagawaran ang mga alegasyon ng mga paglabag sa sub-kabanatang ito kahit walang pagsasampa ng pormal na reklamo o kung binawi ang reklamo. [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112)

**§8-19-33 Tulong sa wika, tulong sa pagsulat, o makatwirang akomodasyon.** Ang sinumang indibidwal na gumagawa ng reklamo o nakikibahagi sa isang imbestigasyon ay nangangailangan ng tulong sa wika o tulong sa pagsulat ay pagkakalooban ng naturang tulong ng kagawaran. Ang sinumang indibidwal na may mga kapansanan na nangangailangan ng (mga) makatwirang akomodasyon para gumawa ng reklamo o makibahagi sa isang imbestigasyon ay pagkakalooban ng naturang tulong ng kagawaran. [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112)

**§8-19-34 Ipinagbabawal ang paghihiganti.** Ang paghihiganti at mapaghiganting panghaharas ay ipinagbabawal laban sa sinumang tao dahil ang tao ay nakikibahagi sa pinoprotektahang aktibidad.
[Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112)

**§8-19-35 Karapatang humingi ng tulong.** Wala sa kabanatang ito ang mauunawaan para limitahan o ipagpaliban ang karapatan ng nagrereklamo/biktima na humingi ng iba pang tulong gaya ng nakasaad sa mga pederal na batas at batas ng estado. Ang nagrereklamo/biktima ay may karapatang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa pederal na pamahalaan o pamahalaan ng estado, kabilang ang mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas:

(1) Nang hindi naghahain ng reklamo sa ilalim ng kabanatang ito;
(2) Sa parehong pagkakataong naghain ng reklamo o iniulat ang isang insidente sa ilalim ng kabanatang ito;
(3) Sa anumang oras sa panahon ng pagkabinbin ng reklamong inihain o insidenteng iniulat sa ilalim ng kabanatang ito; o
(4) Pagkatapos matugunan ang reklamong inihain o insidenteng iniulat sa ilalim ng kabanatang ito." [Eff **NOBYEMBRE 17 2019**] (Auth: HRS §302A-1112)

2. Materyal, maliban sa mga tala ng pinagmulan at iba pang mga tala, na ipapawalang-bisa ay nasa bracket at inalis. Binibigyang-diin ang bagong materyal.

3. Mga karagdagan para i-update ang mga tala ng pinagmulan at iba pang mga tala para sumalamin sa mga pagbabagong ito at hindi binigyang-diin ang paglikom.

4. Ang mga pagbabagong ito sa at paglikom ng kabanata 8-19, Mga Pang-administratibong Tuntunin ng Hawaii, ay magkakabisa sampung araw pagkatapos ang paghahain sa tanggapan ng Tenyente Gobernador.

Pinatutunayan ko na ang mga nakasaad sa itaas ay mga kopya ng mga tuntuning isinulat sa pormat na Ramseyer alinsunod sa mga iniaatas ng seksyon 91-4.1, Mga Binagong Batas sa Hawaii, na pinagtibay noong at iniharap sa Tanggapan ng Tenyente Gobernador.

CATHERINE PAYNE,
Tagapangulo ng Lupon ng Edukasyon

INAPRUBAHAN NANG AYON SA PORMA

Deputadong Attorney General

David Y. Ige
Gobernador
Estado ng Hawaii



3352

Pinetsahan: 11-07-2019

TANGGAPAN NG
TENYENTE GOBERNADOR
'19 NOBYEMBRE-7 P4:10

____________________________
Inihain

19-41

3352

| STATE OF HAWAIʻI<br>DEPARTMENT OF EDUCATION | DEPARTMENT OF EDUCATION<br>**HAWAIʻI ADMINISTRATIVE RULES**<br>**TITLE 8, CHAPTER 19** |
|---|---|

# COMPLAINT FORM

## COMPLAINANT INFORMATION

| Last Name | First Name | Middle Name | |
|---|---|---|---|
| Number and Street | City | State | Zip |
| Home Phone ( ) | Work Phone ( ) | | |
| School/Office | Complex Area | | |

## ALLEGED VICTIM(S)

| Name | Address | Phone Number |
|---|---|---|
| Name | Address | Phone Number |

## COMPLAINANT STATUS (Check Applicable Box)

❑ Student ❑ Parent ❑ Legal Guardian ❑ Staff ❑ Other (Specify) ____________________

## ALLEGED STUDENT OFFENDER(S) (If Known)

| Name | Grade | School |
|---|---|---|
| Name | Grade | School |
| Name | Grade | School |

## BASIS OF COMPLAINT (Check Applicable Box)

❑ Discrimination ❑ Harassment (including Sexual Harassment) ❑ Retaliation ❑ Bullying

Date(s) of Incidents ____/____/____ ____/____/____ ____/____/____

## COMPLAINT SUMMARY (Identify: Who, What, When, and Where)

(Additional pages and attachments may be submitted with this complaint form.)

## WITNESS INFORMATION (Provide Names of Witnesses)

| Name | ❑ Student ❑ Adult | Address/Organization | Phone |
|---|---|---|---|
| Name | ❑ Student ❑ Adult | Address/Organization | Phone |
| Name | ❑ Student ❑ Adult | Address/Organization | Phone |

**Statement: The information provided above is truthful and correct to the best of my knowledge.**

Complainant's Signature ____________________ Date ____/____/____

Received by:

Principal or Designee ____________________ Date ____/____/____

Principal or Designee: Date Received By



In accordance with the Americans with Disabilities Act and other applicable state and federal laws, if you require reasonable accommodations due to a disability, please contact a supervisor, principal, complex area superintendent, or assistant superintendent.

RS 20-0759, December 2019 (Rev. of RS 20-0638)